



Gabay ng Pasahero sa SF Paratransit

Pag-access sa SF, Programang SF Paratransit Taxi, at Iba pang mga Serbisyo

Gabay ng Pasahero sa San Francisco Paratransit Oktubre 2025

Makukuha ang gabay na ito sa mga format na accessible (madaling magamit ng mga may kapansanan).

Mangyaring makipag-ugnayan sa SF Paratransit sa 415.351.7000, TTY 415.351.3942

415.351.7000: Free language assistance / 免費語言協助 / Ayuda gratis con el idioma/Бесплатная помощь переводчиков/Trợ giúp Thông dịch Miễn phí/Assistance linguistique gratuite/無料の言語支援/

무료 언어 지원/Libreng tulong sa wika

Pangasiwaan ng SF Paratransit

Pangunahing Numero ng Telepono/Mobility Management Center	415.351.7000
Mga Aplikasyon at Serbisyo sa Bisita.....	415.351.7050
Pananalapi: Mga Pagbili at Nawala o Ninakaw na Debit Card	415.351.7051
Serbisyo sa Customer: Mga Tanong, Papuri, at Reklamo	415.351.7052
Mga Serbisyo ng Taxi Debit Card (naka-automate)	877.738.2941
Taxi Hotline (para makumpirma ang mga nakarehistrong tagapagkaloob ng taxi).....	415.351.7090

Access sa SF..... 415.285.6945

Mga Pagreserba	Opsyon 2
Nasaan ang Aking Sakay/Mga Nawala at Natagpuan.....	Opsyon 3

Iba pang mga Serbisyon Pantransit

Impormasyon sa Transit sa Bay Area	511
Mga Serbisyo ng Muni para sa Kadalian ng Paggamit ng May Kapansanan...	415.646.2260
Mga May Diskwentong Card ng Muni Regional Transit Connection (RTC)	415.646.2224
Customer Service Center ng SFMTA/Mga Senior Clipper Card	415.646.2500

o-dial ang 311 sa
San Francisco

Bisitahin Online

Website: SFMTA.com/Paratransit

Email: Paratransit@SFMTA.com

Talaan ng mga Nilalaman

Tungkol sa SF Paratransit	1
Maligayang Pagdating sa SF Paratransit	1
Mga Oras ng Serbisyo at Lugar na Siniserbisyuhan ng SF Paratransit	2
Mobility Management Center ng SFMTA	5
Paratransit para sa mga Bumibisita sa San Francisco	6
Pag-apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit.....	9
Pagiging Karapat-dapat/Pagkumpleto at Pagsusumite ng Aplikasyon.....	9
Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat sa SF Paratransit	13
Pagbiyahe sa Labas ng San Francisco.....	14
Programang SF Access Paratransit.....	17
Paggamit sa SF Access/Pagbili ng mga Ticket para sa Sakay sa SF Access	17
Pagpapa-iskedyul ng Sakay	19
Mga Biyaheng Subscription.....	24
Mga Panuntunan at Patakaran ng SF Access	25
Programang SF Paratransit Taxi.....	35
Paggamit ng mga SF Paratransit Taxi/ SF Paratransit Taxi Debit Card.....	35
Mga Nawala, Ninakaw, o Nasirang Debit Card.....	40
Pag-iskedyul ng Iyong Biyahe sa SF Paratransit Taxi.....	41
Pagkuha at Pagbabayad ng Sakay sa Taxi.....	43
Iba pang mga Serbisyo para sa Matatanda at mga indibidwal na may mga Kapansanan.....	47
Serbisyo ng Group Van.....	47
Ang Serbisyong Shop-a-Round.....	48
Ang Van Gogh Shuttle	52
Essential Trip Card (Card para sa Mahahalagang Biyahe).....	55
Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad	57
Mga Panuntunan at Patakaran.....	57
Mga Responsibilidad	60
Pagsuspindi ng Serbisyo	62
Ang Helping Wheels.....	63
Iba pang mga Opsyon sa Transportasyon para sa mga Gumagamit ng SF Paratransit	63
Mga Patnubay sa Pagiging Handa sa Emerhensya	66
Higit pang Impormasyon/Mga Makatuwirang Pagbabago.....	67

Tungkol sa SF Paratransit



Tungkol sa SF Paratransit

TUNGKOL SA SF PARATRANSIT

Maligayang Pagdating sa SF Paratransit

- Ang San Francisco Paratransit (SF Paratransit) ay isang programang van at taxi para sa mga taong hindi kayang gamitin o i-access ang pampublikong transit nang mag-isa sa ilan o lahat ng pagkakataon dahil sa kapansanan o kondisyong pangkalusugan na nakakapag-alis ng kakayahan.
- Mula pa noong 1990, inatasan ng Americans with Disabilities Act (ADA, Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ang lahat ng pampublikong ahensya ng transit upang magbigay ng mga serbisyong paratransit sa mga karapat-dapat na indibidwal na may mga kapansanan.
- Nagkakaloob na ang San Francisco Municipal Transportation Agency (SFMTA, Munisipal na Ahensyang Pantransportasyon ng San Francisco) ng mga serbisyong paratransit mula pa noong 1978. Nakikipagtulungan ang SFMTA sa mga kontratista para mapamahalaan at ihatid ang serbisyo. Nagbibigay ang kontratista ng ilan sa mga serbisyo ng van at nakikipagkontrata sa ilang kumpanya ng taxi at iba pang tagapagkaloob ng van para maghandog ng mga karagdagang serbisyo.

Naghahandog ang SF Paratransit ng mga serbisyong iniaatas ng ADA at mga karagdagang serbisyo upang pinakamahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng mga karapat-dapat na pasahero. Upang magamit ang anumang mga serbisyo ng SF Paratransit, kailangan kumpletuhin ng mga indibidwal ang aplikasyon para sa sertipikasyon (tingnan ang pahina 9 para sa impormasyon tungkol sa pag-a-apply).

Nagbibigay Kami ng Dalawang Pangunahing Serbisyo

Ang SF Access

Paunang iniskedyul at sumusunod sa ADA na serbisyo ng van na nagbibigay ng transportasyong door-to-door sa mga pasaherong karapat-dapat sa ilalim ng ADA. Ang SF Access ay serbisyo kung saan kasama sa sakay ang ibang mga pasahero. Ginagawa ang mga pagreserba mula isa hanggang pitong araw bago ang araw ng pagbiyahe.

Mga Serbisyo ng Paratransit Taxi

Ang parehong araw na karaniwang pampublikong serbisyo ng taxi na curb-to-curb na ibinibigay sa mga pasaherong karapat-dapat sa ilalim ng ADA. Hindi ito isang serbisyo ng ADA, ngunit para sa maraming pasahero, natutugunan nito nang mas mabuti ang kanilang mga pangangailangan sa transportasyon.

Nagbibigay Rin Kami ng mga Serbisyo ng Group Van para sa Ilang Ahensya

Serbisyo ng Paratransit Group Van

Paunang iniskedyul na door-to-door na serbisyo ng van. Inihahandog ang serbisyo sa mga grupo ng mga pasaherong karapat-dapat sa ilalim ng ADA na dumadalo sa mga programang inisponsor ng mga kalahok na ahensya, tulad ng Adult Day Health Care (Pangangalagang Pangangalagang Pangkalusugan

Tungkol sa SF Paratransit

sa Araw para sa mga Nasa Hustong Gulang), mga senior center, o mga matutuluyang lugar ng trabaho.

Mga Oras ng Serbisyo at Lugar na Siniserbisyuhan ng SF Paratransit

Ang mga serbisyo ng SF Access at SF Paratransit Taxi ay ibinibigay ng 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon. Inihahandog ang serbisyo sa buong San Francisco, patungo sa Treasure Island, patungo sa Marin Headlands sa panahon ng mga oras ng serbisyo ng Muni Route 76X (SF Access lamang), at patungo sa pinakahilagang bahagi ng Daly City sa County ng San Mateo.

**Hindi sigurado kung ang iyong destinasyon ay nasa lugar na siniserbisyuhan ng SF Paratransit? Tawagan ang aming Departamento ng Serbisyo sa Customer.
415.351.7052**

Tanggapan ng SF Paratransit

Lokasyon

68 12th St. (sa pagitan ng Market Street at Mission Street) Ang pinakamalapit na istasyon ng Muni Metro ay ang Van Ness. Ang pinakamalapit na istasyon ng BART ay ang Civic Center. Ang tanggapan ay siniserbisyuhan din ng mga kalapit na linya ng bus ng Muni (6, 7, 9/9L, 14/14L, at 49) at ng F Market streetcar.


Mga Oras

Monday hanggang Biyernes, 9:00 am hanggang 4:45 pm

Mga Holiday

Sarado ang tanggapan sa mga pederal na holiday at sa araw pagkatapos ng Thanksgiving.

Tungkol sa SF Paratransit



Lugar na Siniserbisyuhan ng San Francisco Paratransit



Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [SFMTA.com/Maps](https://www.sfmta.com/Maps)

Tungkol sa SF Paratransit

Mga Makukuhang Serbisyo

- Sa tanggapan ng SF Paratransit, maaari kang:
- Makakuha ng impormasyon tungkol sa mga Serbisyo ng SF Paratransit.
- Makakuha at makapagsumite ng aplikasyon para sa ADA paratransit.
- Makabili ng mga ticket sa pagsakay para sa serbisyo ng SF Access.
- Makapagdagdag ng halaga sa iyong SF Paratransit Taxi Debit Card.
- Makapag-file ng pormal na reklamo o papuri.
- Makakuha ng panibago o pamalit na ID card na may litrato (kailangang magpa-appointment).
- Mai-update ang personal na impormasyon (address, telepono, atbp.)
- Makapag-ulat ng mga pagbabago sa iyong kapansanan o kondisyong may kinalaman sa kalusugan.
- Makahiling ng pagiging karapat-dapat ng bumibisita para sa SF Access (kung ang iyong sertipikasyon sa ADA ay ginawa ng isang ahensyang pantransit sa labas ng San Francisco Bay Area).
- Makasali sa workshop ng pagsasanay sa pagbiyahe (kailangang magpa-appointment).



Tungkol sa SF Paratransit

Mobility Management Center ng SFMTA

Higit pang mga serbisyo para sa matatanda at mga indibidwal na may mga kapansanan.

Ang Mobility Management Center ay matatagpuan sa loob ng tanggapan ng SF Paratransit at isang isang puntahan na lang na tanggapan para sa impormasyon at referral para sa matatanda at indibidwal na may kapansanan. Ang mga serbisyo ng Center ay makakatulong sa iyong gumawa ng mga may-kabatirang desisyon tungkol sa mga opsyon sa pagbiyahe. Kabilang sa mga serbisyo ang mga sumusunod:

Tulong sa Aplikasyon

- **Libreng Muni para sa Matatanda at Indibidwal na may mga Kapansanan**
- **Senior Clipper Card**
- **Lifeline Pass**
- **Mga May Diskwentong Card ng Regional Transit Connection (RTC)** para sa mga indibidwal na may mga kapansanan

Pag-enroll sa Programa

- **Ang Shop-a-Round:** Kumbinyenteng murang shuttle o taxi na pinadadali ang pamimili sa grocery.
- **Essential Trip Card (ETC, Card para sa Mahahalagang Biyahe):** Binibigyan ng subsidyo ang humigit-kumulang dalawa o tatlong balikang biyahe kada buwan para sa matatanda (mga indibidwal na nasa edad na 65 taong gulang at pataas) at mga indibidwal na may mga kapansanan.
- **Ang Van Gogh:** Shuttle na nagbibigay ng panggrupong transportasyon sa mga outing sa pakikisalamuha, pangkulturang aktibidad, at pampublikong event.

Pagsasanay sa Pagbiyahe

- Ang pagsasanay sa pagbiyahe ng Muni ay para sa mga indibidwal o grupo ng matatanda at mga indibidwal na may mga kapansanan na nais mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa transit o makakuha ng karanasan gamit ang sistemang Muni.

Makipag-ugnayan sa Mobility Management Center ng SFMTA para sa higit pang impormasyon tungkol sa alinman sa mga serbisyonang ito at sa anumang mga karagdagang tanong tungkol sa mga opsyon sa transportasyon para sa matatanda at mga taong may mga kapansanan.

415.351.7053

MobilityOptions@SFMTA.com

Tungkol sa SF Paratransit

Paratransit para sa mga Bumibisita sa San Francisco

- Pinapayuhan ang mga bumibisita na tawagan ang SF Paratransit sa 415.351.7050 bago bumisita sa San Francisco.
- Ang mga bumibisita ay maaaring magprisinta ng impormasyon tungkol sa kanilang paggamit ng serbisyong paratransit kung saan sila nakatira. Maaaring hilingin sa mga bumibisitang walang dokumentasyon (hal., dahil walang programang ADA Paratransit kung saan sila nakatira) na ilarawan ang kanilang kawalan ng kakayahang i-access ang regular na sistema ng bus/tren dahil sa kanilang kapansanan at mangangailangang magbigay ng iba pang mga pangunahing impormasyon, kabilang ang kung saan sila nakatira.

Kung ikaw ay bumibisita na karapat-dapat sa paratransit at hindi tumawag para abisuhan ang SF Paratransit bago ka bumisita – at kailangan mo ng serbisyo sa sumunod na araw – tawagan ang SF Access sa 415.285.6945 upang magpareserba. Kapag tatawag ka, ipaalam sa ahenteng nagreserba na kayo ay bumibisita mula sa ibang bayan. Kailangan mong abisuhan ang tanggapan ng SF Paratransit hinggil sa susunod na araw ng negosyo upang magpahintulot ng patuloy na paggamit mo sa sistema sa panahon ng iyong pagbisita.

Bilang isang bumibisita mula sa labas ng Bay Area, ang pagiging karapat-dapat ay magkakabisa ng 21 araw sa loob ng 12 magkakasunud-sunod na buwan. Kung kailangan mo ng serbisyo nang mas mahaba pa sa 21 araw, kakailanganin mong mag-apply para sa Pagiging Karapat-dapat sa Paratransit ng ADA.



Tungkol sa SF Paratransit

Pagbibigay ng Opinyon at Saloobin Tungkol sa Serbisyo ng SF Paratransit

Ipaalam sa tanggapan ng SF Paratransit kapag mayroon kang saloobin na ibibigay tungkol sa iyong karanasan gamit ang aming mga serbisyo.

Para maghain ng pormal na reklamo o papuri tungkol sa anumang aspeto ng aming serbisyo, makipag-ugnayan sa amin at magbigay ng maraming detalye hangga't maaari. Makakatulong ang impormasyon tungkol sa iyong biyahe tulad ng petsa, numero ng sasakyan, oras ng pagsundo o paghatid, drayber, at pangalan ng kumpanya ng taxi (o numero ng taxi). Mas maiimbestigahan namin nang mabuti ang iyong reklamo kung magsasama ka ng mas higit pang impormasyon.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** 415.351.7052, TTY 415.351.3942
- **Sa pamamagitan ng email:** Paratransit@SFMTA.com
- **Sa pamamagitan ng koreo:**
SF Paratransit
Customer Service Department
68 12th Street, Suite 100
San Francisco, CA 94103-1297

Makukuha ang mga card para sa reklamo/papuri na may bayad nang selyo sa lobby ng tanggapan ng SF Paratransit at sa mga sasakyan ng SF Access kapag hiniling.

Magpa-follow up kami sa iyong reklamo at tutugon sa iyo na karaniwang sa loob ng 14 na araw. Tinatanggap din ang mga papuri at reklamo na hindi ipinapaalam ang pagkakakilanlan ngunit hindi makakatanggap ng nakasulat na sagot.

Pag-Apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit



Pag-Apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit

PAG-APPLY PARA MAGAMIT ANG MGA SERBISYO NG SF PARATRANSIT

Pagiging Karapat-dapat

- Upang maging karapat-dapat sa ADA, kailangang hindi mo kayang gamitin ang mga accessible na bus, tren, o streetcar sa ilan o lahat ng pagkakataon, nang walang tulong ng isa pang indibidwal, dahil sa kapansanan o kondisyong pangkalusugan na nakakapag-alis ng kakayahan.
- Karapat-dapat kang gamitin ang mga serbisyong paratransit kung ang alinman sa mga sumusunod na kategorya ay naaangkop sa iyo:
- Ikaw ay walang kakayahang umangkas, sumakay, o bumaba nang mag-isa mula sa accessible na bus, tren, o streetcar sa ilan o lahat ng pagkakataon.
- Ang sistema ng transit ay hindi accessible sa ilalim ng ADA.
- Mayroon kang partikular na kondisyong nauugnay sa kahinaan na pumipigil sa iyong bumiyahe patungo o mula sa hintuan ng bus o istasyon ng tren sa ilan o lahat ng pagkakataon.

Pagkumpleto at Pagsusumite ng Aplikasyon

Para tumanggap ng aplikasyon:

- **Tawagan ang SF Paratransit** sa 415.351.7050; o TTY sa 415.351.3942.
- **Kunin ang aplikasyon** sa tanggapan ng SF Paratransit, 68 12th Street.
- **I-download ang aplikasyon** mula sa [SFMTA.com/Paratransit](https://www.sfmta.com/Paratransit).

Kung kailangan mo ng aplikasyon sa format na accessible o sa iba pang wika — o kung kailangan mo ng referral para tulungan ka ng isang tao na makumpleto ang iyong aplikasyon — tumawag sa 415.351.7050 o bumisita sa [SFMTA.com/Paratransit](https://www.sfmta.com/Paratransit).

Pag-Apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Sa oras na matanggap mo ang aplikasyon, sagutan ito at siguraduhing ito ay mababasa at kumpleto. Para maituring na kumpleto ang aplikasyon, kailangan mong sagutin ang lahat ng tanong at ibigay ang lahat ng hinihiling na pirma.

Ang hindi kumpletong aplikasyong isinumite sa SF Paratransit ay ibabalik sa aplikante.

Proseso ng Pagrerepaso sa Aplikasyon

Sa oras na maisumite mo ang kumpletong aplikasyon, susuriin namin ang impormasyong ibinigay mo.

Sa karamihan sa mga kaso, magsasagawa kami ng pagtatasa sa ikalawang antas. Ito ay maaaring harap-harapang panayam, panayam sa telepono, at/o propesyonal na medikal na beripikasyon.

Maaaring kasama sa harap-harapang panayam ang functional test (pagsusuri sa paggana ng bahagi ng katawan) upang malaman ang iyong kakayahang bumiyaha sa pampublikong transportasyon. Halimbawa, makakapaglakad ka ba sa hintuan ng bus? Matutukoy mo ba ang iyong bus nang mag-isa?

Sa ilang kaso, maaaring hindi na mangailangan ng anumang impormasyon para gumawa kami ng pagtatasa.

Kung kailangan mo ng transportasyon sa appointment sa sertipikasyon, maaaring ibigay sa iyo ang transportasyon nang walang bayad.

Ang aplikasyong nakumpleto nang buo at wasto ay ipoproseso sa loob ng 21 araw. Kung hiniling, kakailanganin mong pumunta sa ikalawang antas na pagtatasa, at kailangang ibalik ng iyong medikal na propesyonal ang form ng medikal na beripikasyon sa loob ng pitong araw mula nang matanggap ito.

Kung ang pagpapasya sa iyong pagiging karapat-dapat ay inabot ng mas matagal sa 21 araw, nararapat ka sa presumptive eligibility (ipinagpalagay na pagiging karapat-dapat). Pinahihintulutan ka nitong gamitin ang mga serbisyo ng SF Paratransit hanggang sa makagawa kami ng pinal na desisyon. Hindi ka nararapat sa presumptive eligibility kung, dahil sa pagkaantala o kawalan ng aksyon mula sa iyo o ng iyong medikal na propesyonal, hindi namin makukumpleto ang pagpoproseso ng iyong aplikasyon.

Pag-Apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Pagpapasya sa Pagiging Karapat-dapat

Sa oras na mapagpasyahang karapat-dapat ka, padadalhan ka namin ng liham ng pagiging karapat-dapat na magdedetalye ng antas ng pagiging karapat-dapat na inalok sa iyo.

- **Ganap na pagiging karapat-dapat:** Kung ikaw ay napagpasyahang ganap na karapat-dapat, maaari mong gawin ang lahat ng iyong biyahe sa paratransit.
- **Kondisyonal na pagiging karapat-dapat:** Kung ikaw ay napagpasyahang kondisyonal na karapat-dapat, maaari mong gamitin ang paratransit para sa mga partikular na biyahe. Anumang mga paghihigpit para sa kondisyonal na paggamit ay itatala sa liham ng pagiging karapat-dapat at magiging bahagi ng iyong rekord.

Kung ikaw ay binigyan ng kondisyonal na pagiging karapat-dapat, matutulungan ka ng kawani ng SF Paratransit na malaman kung sa aling mga biyahe ka karapat-dapat na sumakay sa paratransit at kung aling mga biyahe ang kailangan mong sakyan sa mga serbisyo ng pampublikong transit tulad ng Muni o BART.

Ang kondisyonal na pagiging karapat-dapat ay nangangahulugan na magagawa mong gamitin ang serbisyo ng bus at tren para sa ilan sa iyong mga biyahe. Gayunpaman, dahil sa iyong kapansanan, hindi mo kayang gamitin ang serbisyo ng pampublikong transit para sa iba pang mga biyahe. Kabilang sa ilang halimbawa ang:

- Maaaring kailanganin sa partikular na destinasyon ang pag-akyat sa matarik na burol mula sa hintuan ng bus, ngunit maaaring pigilan ang indibidwal ng kapansanan na umakyat ng burol. Magiging karapat-dapat ang indibidwal na ito para sa paratransit sa destinasyong ito.
- Ang ilang indibidwal ay nakakasakay sa mga serbisyo ng pampublikong transit patungo sa mga appointment sa kidney dialysis ngunit nangangailangan ng paratransit pauwi dahil sa panghihina pagkatapos ng magamot.

Ang panuntunang tatandaan kung ikaw ay napagpasyahang kondisyonal na karapat-dapat: Kung kaya kong bumiyahang gamitin ang pampublikong transit, kailangan kong bumiyahang gamitin ang pampublikong transit.

Kung ikaw ay napagpasyahang **hindi karapat-dapat**, ibibigay sa iyong liham ng pagtanggap ang (mga) dahilan.

Pag-Apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Pagkawala ng Bisa ng Pagiging Karapat-dapat sa Paratransit

Karaniwang may bisa ang pagiging karapat-dapat ng limang taon.

- Sa ilang kaso, maaaring nakabatay ang pagiging karapat-dapat sa pansamantalang kondisyon, tulad ng nabaliang balakang, at samakatuwid ay limitado sa mas maikling panahon.
- Ang termino ng iyong pagiging karapat-dapat ay ililista sa liham ng pagpaparehistro na matatanggap mo.
- Bago mawalan ng bisa ang iyong pagiging karapat-dapat, kailangan mong muling mag-apply kung gusto mong patuloy na magamit ang SF Paratransit.
- Maaaring magkaroon ng pinaikling proseso ng recertification para sa mga indibidwal na ang kondisyon ay hindi malamang na magbago sa pagdaan ng panahon.

Kailangan mo kaming abisuhan kung magbabago ang iyong kapansanan o kondisyong nauugnay sa kalusugan. Kung bubuti ang iyong kondisyon na makakaapekto sa katayuan ng iyong pagiging karapat-dapat at hindi mo kami inabisuhan, maaari naming suspindihin o bawiin ang iyong pagiging karapat-dapat hanggang sa muli kang mag-apply o bumisita sa aming tanggapan para muling masuri. Kung binawi ang iyong pagiging karapat-dapat, nararapat ka sa apela.

Opsyon para lapela ang Pagtanggap sa Pagiging Karapat-dapat sa SF Paratransit

Kung tinanggihan ang iyong pagiging karapat-dapat, awtomatiko ka naming bibigyan ng form ng kahilingan para sa apela. Maaari ka ring mag-apela kung hindi ka sumasang-ayon sa aming pagpapasya sa kondisyonal o pansamantalang pagiging karapat-dapat. Kailangang makumpleto ang form ng kahilingan para sa apela at maibalik sa loob ng 60 araw ng aming pagpapasya sa pagiging karapat-dapat.

Isang independiyenteng lupon na hindi kabahagi ng desisyon sa iyong pagiging karapat-dapat ang makikinig sa iyong apela. Karaniwang kasama sa lupon ang medikal na propesyonal/social worker, miyembro ng komunidad na may kapansanan, at propesyonal sa transit, lahat sila ay sinanay sa proseso ng pagdinig sa mga apela. Dadalo ang kawani ng SF Paratransit sa pagdinig upang ipaliwanag kung paano nila narating ang kongklusyong tanggihan ang pagiging karapat-dapat, at bibigyan ka ng panahon para ipaliwanag kung bakit naniniwala kang karapat-dapat ka.

Sa oras na matanggap namin ang iyong kahilingan para sa apela, aabisuhan ka namin tungkol sa oras at lokasyon ng pagdinig. Lubos ka naming hinihikayat na dumalo sa pagdinig para sa apela, ngunit hindi mo kailangang dumalo.

Kung dadalo ka, maaari kang magsama ng isang kinatawan upang tumulong sa pagpiprisinta ng iyong apela. Ang pagdinig sa mga apela ay hindi pormal at hindi isang paglilitis na pambatas.

Pag-Apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Kung kailangan, bibigyan ka ng tagapagsalin sa wika (kabilang ang American Sign Language) na may paunang abiso. Hindi ka sisingilin para sa serbisyong ito. Maaari ka ring humiling ng transportasyon patungo o mula sa pagdinig nang walang bayad.

Kumpidensyalidad

Ibahagi lamang sa mga tagapagkaloob ng transportasyon ang kinakailangang impormasyon upang magkaloob ng sapat na serbisyong pantransportasyon. Kung iaapela mo ang pagpapasya sa pagiging karapat-dapat, maaaring ibahagi ang iyong personal na impormasyon sa lupon ng mga apela upang mabigyan ka ng kumpleto at patas na pagdinig. Kailangan ding sundin ng lupon ng mga apela ang iyong karapatan sa kumpidensyalidad.

Katibayan ng Pagiging Karapat-dapat sa SF Paratransit

Ang bawat isang napagpasyahang karapat-dapat para sa paratransit ay bibigyan ng liham ng sertipikasyon, na magsisilbi bilang katibayan ng pagiging karapat-dapat.

- **Para sa serbisyo ng SF Paratransit taxi**, bibigyan ka ng SF Paratransit Taxi Debit Card, na isang photo ID card na gagamitin mo para bayaran ang iyong pamasaha sa taxi. Ito ay magsisilbi bilang karagdagang katibayan ng pagiging karapat-dapat sa ilalim ng ADA para sa SF Paratransit.
- **Para sa SF Access**, magbibigay ng opsyonal na photo ID kapag hiniling. Nakasulat sa ID card ang petsa ng pagkawala ng bisa at kung ang iyong pagiging karapat-dapat ay buo o kondisyonal. Hindi maaaring magamit ang card na ito para sa serbisyo ng SF Paratransit taxi.

Kakailanganin mo ang iyong SF Paratransit Taxi Debit Card para magamit sa mga serbisyo ng paratransit taxi (tingnan ang pahina 35). Maaaring kailanganin mo ring ipakita ang iyong ID card at liham ng sertipikasyon kapag bumibiyaha ka sa ibang panig ng bansa bilang katibayan ng pagiging karapat-dapat sa paratransit ng ADA.

Pag-Apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Pagbiyahe sa Labas ng San Francisco

Sa oras na ikaw ay masertipikahan na karapat-dapat na gamitin ang SF Paratransit, magagamit mo rin ang mga serbisyo ng ADA paratransit sa ibang lugar sa Bay Area at sa buong US.

Pagsakay ng Paratransit sa mga Karatig na County

Mayroong direktang serbisyo sa pagitan ng San Francisco at East Bay, pati na rin sa Marin. Kailangan ang paglipat sa County ng San Mateo para sa mga serbisyo sa labas ng lugar na siniserbisyuhan ng SF Paratransit. Mangyaring makipag-ugnayan sa mga sumusunod na programa para sa mga pagpapareserba, panuntunan ng programa, at pamasaha:

- **County ng Alameda | East Bay Paratransit**
510.287.5000
- **County ng Marin | Marin Access Paratransit**
415.454.0902
- **County ng San Mateo | Redi-Wheels/RediCoast**
Pangasiwaan: 650.508.6241
Mga Pagpapareserba sa Redi-Wheels: 650.482.9360
Mga Pagpapareserba sa RediCoast: 650.560.0360
- **County ng Santa Clara | VTA ACCESS**
Pangasiwaan: 408.321.2381
Mga Pagpapareserba: 408.321.2380

Para sa impormasyon tungkol sa mga serbisyong transit ng Bay Area, tumawag sa 511 nang walang bayad o bisitahin ang website, www.511.org.

Hindi nagseserbisyo ang SF Paratransit sa anumang mga airport ng Bay Area. Para sa serbisyo ng paratransit sa airport, makipag-ugnayan sa naaangkop na ahensya. Ang Redi-Wheels paratransit ay nagseserbisyo sa San Francisco International Airport, ang East Bay Paratransit ay nagseserbisyo sa Oakland Airport, at ang VTA ACCESS ay nagseserbisyo sa Mineta San Jose International Airport.

Pag-Apply para Magamit ang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Pagsakay ng Paratransit sa Labas ng Bay Area

Bilang gumagamit ng paratransit na sinertipikahan ng ADA, karapat-dapat ka ring tumanggap ng mga serbisyo ng paratransit sa ibang mga lungsod at estado ng hanggang 21 araw (maaaring kailanganin ang lokal na sertipikasyon ng ADA pagkatapos ng 21 araw). Bago magpareserba ng biyahe, iminumungkahi naming abisuhan mo ang Eligibility Department (Departamento sa Pagiging Karapat-dapat) kung saan ka bibiyahe at kailan, upang maipadala namin ang iyong impormasyon sa naaangkop na ahensya. Iminumungkahi rin namin na makipag-ugnayan ka sa agensyang pantransit sa lungsod kung saan ka bibiyahe para sa higit pang impormasyon. Ipapaliwanag nila ang mga pagsasaayos, pamasaha, oras ng pagpapatakbo, at iskedyul.



Programa ng SF Access Paratransit



Programa ng SF Access Paratransit

PROGRAMANG SF ACCESS PARATRANSIT

Paggamit sa SF Access

- Ang SF Access ay nagbibigay ng door-to-door na serbisyo ng van kung saan kasama ang ibang pasahero sa sakay para sa mga taong hindi kayang gamitin ang mga accessible na bus, tren, at streetcar ng Muni nang mag-isa sa ilan o lahat ng pagkakataon dahil sa kanilang kapansanan.
- Idinisenyo ang mga serbisyong ito upang matugunan ang mga kinakailangan para sa paratransit ng Americans with Disabilities Act (Batas para sa mga Amerikanong may mga Kapansanan) ng 1990.

Pamasahe

Gumagasta ang sertipikadong pasahero ng \$2.85 sa bawat one-way na biyahe ng SF Access (napapailalim sa pagbabago). Ang lahat ng pasahero ay kailangang bayaran ang drayber sa pamamagitan ng cash (eksaktong halaga lamang), na may ticket para sa isang sakay, o sa pamamagitan ng MuniMobile app. Ang lahat ng pamasahe sa SF Access ay kailangang mabayaran sa oras ng pagsakay. Bisitahin ang SFMTA.com/Paratransit para sa up-to-date na impormasyon sa pamasahe.

Pagbili ng mga Ticket para sa Sakay sa SF Access

Maaari kang bumili ng walang limitasyong dami ng papel na pang-isang sakay na ticket ng SF Access sa halagang \$2.85 kada ticket (napapailalim sa pagbabago) mula sa tanggapan ng SF Paratransit/ Hindi mawawalan ng bisa ang mga papel na ticket.

- Ang mga sa-personal na pagbabayad ng ticket ay maaaring gawin sa pamamagitan ng credit card, cash, tseke, o money order.
- Tinatanggap ang mga kabayaran sa pamamagitan ng telepono sa 415.351.7051 gamit ang iyong credit card.
- Ipadala ang tseke o money order (ibabayad sa SF Paratransit), o nakumpletong card payment slip, sa tanggapan ng SF Paratransit.

Programa ng SF Access Paratransit

Isulat ang iyong rider ID number (numero ng ID ng pasahero) sa iyong tseke. Magpahintulot ng sapat na panahon para matanggap at maiproseso ang iyong ibinayad, pati na rin ng panahon para maihatid ng Serbisyong Pangkoreo ang mga ticket. Hindi mananagot ang SF Paratransit sa pagkawala o pagkaantala ng mga materyal na ipapadala sa pamamagitan ng koreo.

- Maaari kang bumili ng mga pang-isang sakay na ticket gamit ang MuniMobile app sa smartphone. Para mag-download ng app, hanapin ang MuniMobile sa App Store o sa Google Play. Kapag iki-click mo ang Buy Tickets (Bumili ng mga Ticket) sa app, piliin ang kategoriyang SF Access (Paratransit). Makipag-ugnayan sa Mobility Management Center sa 415.351.7053 o mag-email sa MobilityOptions@SFMTA.com kung mayroon kang mga tanong tungkol sa paggamit ng MuniMobile.

Mga Attendant

Ang attendant ay isang taong nagbibigay ng tulong na kailangan mo para makumpleto mo ang hiniling mong biyahe o sa iyong destinasyon. Karaniwan, tinutulungan ng attendant ang pasahero sa mga pang-araw-araw na aktibidad o nagbibigay ng espesyal na tulong na hindi maibibigay ng drayber. Kung ikaw sertipikado bilang nangangailangan ng attendant, maaari kang samahan ng attendant sa iyong pagsakay nang walang dagdag na bayad. Kung mag-iiskedyul ka ng iyong sakay, tukuyin kung bibiyahe kasama mo ang iyong attendant. Maaaring sumakay ang attendant bukod sa companion. Kailangang simulan at tapusin ng attendant at companion ang kanilang biyahe kasama ang sertipikadong pasahero.

Mga Companion

Bilang isang sertipikadong pasahero, maaari kang magsaayos sa panahong mag-iiskedyul ka ng iyong sakay, na magsama ng isang (1) companion o bisita kasama mo sa bawat sakay sa \$2.85 kada sakay

Programa ng SF Access Paratransit

(napapailalim sa pagbabago), kada companion. Ang mga pamasahе para sa mga companion ay maaaring mabayaran gamit ang cash, makukuha ang mga ticket para sa sakay mula sa tanggapan ng SF Paratransit, o sa pamamagitan ng MuniMobile app. Maaaring magdagdag ng mahigit sa isang companion na magbabayad ng pamasahе sa iyong biyahe sa parehong araw lamang, o kung mayroong espasyo. Kailangan mong tawagan ang ahenteng nagrereserba sa araw ng serbisyo upang makumpirma kung mayroong mauupuan at magdagdag ng isa pang companion sa iyong pagpapareserba.

Pagpapa-iskedyul ng Sakay

Upang magpareserba ng sakay, ang mga rehistradong gumagamit ay kailangang tumawag o magreserba ng kanilang biyahe online.

415.285.6945

SFAccess.SFMTA.com

Pagpapareserba ng Sakay sa Pamamagitan ng Telepono

Para sa mga Pagpapareserba sa SF Access, tumawag sa 415.285.6945

Ang pagpapareserba para sa mga serbisyo ng SF Access ay maaaring gawin nang kahit isang araw bago mo kailanganin ang sakay, o hanggang pitong araw ang aga. Tinatanggap ang mga pagpapareserba ng pitong araw sa isang linggo sa pagitan ng 7:00 am at 6:00 pm. Kailangan mong tumawag nang hindi lalampas ng 6:00 pm sa gabi bago mo kailangan ang serbisyo. Sa oras na makumpirma ang iyong pagpapareserba, bibigyan ka ng ahenteng nagrereserba ng numero sa pagpapareserba.

Kapag tumatawag para magpareserba ng sakay, mangyaring ihanda ang sumusunod na impormasyon:

- Ang iyong rider ID number o buong pangalan mo.
- Address ng iyong tirahan
- Address ng pagsusunduan, kabilang ang numero ng kalye, pangalan ng kalye, pangalan ng gusali (tulad ng "Western Medical Clinic" o "Bay Bank"), numero ng suite (kung alam), ZIP Code, entry code para sa anumang pasukan na may seguridad, at numero ng telepono.
- Ang gusto mong oras ng pagsundo o oras ng pagdating (kung kailangan mong dumating sa iyong destinasyon bago ang partikular na oras).
- Ang iyong hiniling na oras ng pagbabalik, kung mag-iiskedyul na ng balikang biyahe.
- Address ng babaan, kabilang ang numero ng kalye, pangalan ng kalye, numero ng suite, ZIP Code, at numero ng telepono sa iyong destinasyon (halimbawa, ang iyong cell phone, o ang numero ng telepono ng tanggapan ng iyong doktor).

Alertuhan ang ahente sa pagpapareserba kung:

- Kailangan mong dumating sa iyong destinasyon sa partikular na oras (magpapahintulot ng karagdagang oras ng biyahe para makarating mula sa sasakyan patungko sa iyong pinal na destinasyon hanggang sa oras ng iyong appointment).
- Mag-iiskedyul ka ng biyaheng may 'maraming pupuntahan'.

Programang SF Access Paratransit

- Gagamit ka ng wheelchair o iba pang aparato para makagalaw.
- Magsasama ka ng panserbisyong hayop.
- Sasamahan ka ng isang attendant at/o sinumang companion.
- Gusto mong tumanggap ng tawag na TripInfo ng SF Access (tingnan ang TripInfo Line ng SF Access sa pahina 32 para sa higit pang impormasyon).
- Mayroon pang iba pang impormasyon na sa tingin mo ay dapat mayroon ang drayber ng paratransit para matulungan kang bumiyahen nang ligtas at nasa tamang oras.

Kapag tumawag ka para mag-iskedyul ng iyong sakay, maaaring itanong sa iyo ng ahenteng nagre-reserba kung puwede mong tanggapin ang ibang oras ng pagsundo upang mapahintulutan ang iyong hiniling na sakay. Pinahihintulutan kami ng ADA na makipag-areglo sa iyo tungkol sa binagong oras ng pagsundo na maaaring hanggang isang oras bago o pagkatapos ng hiniling mong oras ng pagsundo. Gayunpaman, kung magbibigay ka sa amin ng hindi nagbabagong oras ng pagdating, aaregluhin lamang namin ang hanggang isang oras bago ang kinakailangang oras ng pagsundo. Kailangan mong gawin ang lahat ng pagbabago sa iskedyul sa ahenteng nagpapareserba. Mangyaring huwag hilingin sa drayber na baguhin ang iyong biyahe, lokasyon, o oras.

Programa ng SF Access Paratransit

Kung bumibiyaha ka sa isang appointment, alamin ang oras na kailangan mong dumating sa iyong destinasyon at magpahintulot ng hindi bababa sa labinlimang minuto bago ang iyong oras ng appointment para sa mga hindi inaasahang pagkaantala at oras ng pagbiyahe mula sa sasakyang Paratransit patungo sa iyong pinal na destinasyon. Nagpapahintulot ito sa SF Paratransit na malaman ang naaangkop na oras ng pagsundo sa iyo. Kung gumagamit ka ng gamot, iminumungkahi naming dalhin mo ito sakaling maantala ang iyong biyahe.

Kung nakakaranas ka ng emerhensyang banta sa buhay, laging i-dial ang 911. Hindi nagkakaloob ang SF Paratransit ng serbisyo para sa mga emerhensyang banta sa buhay.

Pagpapareserba ng Sakay Online: Ang SF Access Online

Para sa SF Access Online, bisitahin ang SFAccess.SFMTA.com.

Ihanda ito bago ka magsimula:

- Isang computer, smart phone, o tablet na may access sa internet.
- Ang iyong rider ID number (numero ng ID ng pasahero),
- Ang petsa ng iyong kapanganakan.
- Isang balidong email address.

Kailangan mong magparehistro kung isa kang bagong gagamit:

1. Pumunta sa SFAccess.SFMTA.com.
2. I-click ang **New user? (Bagong gumagamit?) Magparehistro** sa buton na "Sign In" (Mag-sign in).
3. Ilagay ang SF Paratransit rider ID number, ang iyong email address, at ang petsa ng iyong kapanganakan. Ang petsa ng iyong kapanganakan ay kailangang tumugma sa petsang nasa file ng SF Paratransit.
4. I-click ang **Enroll (Magpatala)**.
5. Tingnan ang email na mula sa SF Paratransit at i-click ang link sa email para kumpirmahin na naberipika ang iyong account.

Programa ng SF Access Paratransit

Magbubukas ang iyong internet browser ng panibagong page kung saan hihilingin sa iyong gumawa ng password.

6. Piliin ang password na matatandaan mo (at muli itong ilagay ng isa pang beses para makumpirma). Pagkatapos ay i-click ang **Create Password (Gumawa ng Password)**, ibabalik ka sa sign-in page.
7. Puwede ka nang mag-sign in ngayon. Ilagay ang iyong rider ID number at ang iyong password, at i-click ang Sign In.

Para magpareserba ng sakay online, i-click ang **Book Trip (Magpareserba ng Biyahe)** sa main menu. Sa Book Trip page, kailangan mong ilagay ang:

- Address na pagsusunduan at paghahatiran. Maaari mong i-type ang address, pagkatapos ay piliin ang tamang lokasyon mula sa listahan ng mga opsyon na lalabas habang ikaw ay nagta-type. O maaari mong piliin ang address sa pamamagitan ng pag-click sa lokasyon sa mapa. Beripikahin na tama ang mga detalye ng lokasyon bago magpatuloy. Kung naaangkop, ilagay ang numero ng unit (apartment, suite, atbp.) at numero ng telepono upang makipag-ugnayan sa iyo sa pinakamahusay na paraan sa iyong lugar na pagsusunduan o paghahatiran (halimbawa, ang iyong cell phone, o numero ng telepono ng tanggapan ng iyong doktor).
- Mga Naka-automate na Tawag sa Telepono ng TripInfo Line. Maaari kang sumali para makatanggap ng tawag mula sa SF Access TripInfo (tingnan ang SF Access TripInfo Line sa pahina 32 para sa impormasyon).
- Petsa ng biyahe. Piliin ang petsa ng iyong biyahe. Maaari kang mag-iskedyul ng isa hanggang pitong araw bago ang iyong biyahe.
- Uri ng biyahe. Maaari mong hilingin ang gusto mong oras ng pagsundo o oras ng pagdating (kung kailangan mong dumating sa iyong destinasyon bago ang partikular na oras).
- Oras ng biyahe. Piliin ang gusto mong oras ng pagsundo at oras ng pagdating. Kapag humihiling ng oras ng pagdating, isaalang-alang ang anumang karagdagang oras na kailangan mo para bumaba ng sasakyan at magpatuloy sa iyong destinasyon sa loob.


Programa ng SF Access Paratransit

- Mga karagdagang opsyon. Isaad kung bibiyahe ka gamit ang wheelchair, kasama ang panserbisyong hayop, o kasama ang anumang pantulong sa mobilidad na nilalayon mong dalhin.
- May kasama ka ba sa pagbiyahe? Isaad kung bibiyahe ka kasama ang isang attendant at/o companion.

I-click ang **Book Trip (Magpareserba ng Biyahe)** para magpatuloy sa susunod na pahina kung saan hihilingin sa iyong kumpirmahin ang iyong biyahe.

Ang SF Access Online ay mag-aalok sa iyo ng oras ng biyahe batay sa hiniling na oras na inilagay mo.

Hindi ka maaaring mag-book ng biyahe sa parehong araw gamit ang SF Access Online. Ang kahilingan para sa pagbiyahe sa parehong araw ay anumang kahilingan na ginawa pagkatapos ng 6:00 pm para sa pagbiyahe sa sumunod na araw o isang kahilingan sa araw na gusto mong bumiyahen. Para humiling ng pagbiyahe sa parehong araw, kailangan mong tawagan ang dispatch office sa 415.285.6945, opsyon 3. Para sa higit pang impormasyon sa mga kahilingan para sa parehong araw na pagbiyahe at mga pagbabago sa biyahe, tingnan sa pahina 30.



Programa ng SF Access Paratransit

Repasuhin ang inaalok na biyahe para makumpirma na natutugunan nito ang iyong mga pangangailangan sa pagbiyahe. Para gumawa ng mga pagbabago, i-click ang **Edit Trip Details (Baguhin ang mga Detalye ng Biyahe)** para bumalik sa nakaraang screen, o i-click ang **Schedule Earlier (Mag-iskedyul nang Mas Maaga)** o **Schedule Later (Mag-iskedyul sa Kalaunan pa)** para magsaliksik ng iba pang mga available na oras.

Kung maayos na ang lahat, i-click ang **Confirm Booking (Kumpirmahin ang Pagpapareserba).*** Irereserba ang iyong sakay. Pagkatapos ay ipiprisinta sa iyo ang mga opsyon para magpapareserba ng biyahe, magpapareserba ng isa pang biyahe, tingnan ang mga detalye ng biyaheng ito, o tingnan ang lahat ng iyong naka-iskedyul na biyahe.

Pinahihintulutan kami ng ADA na mag-alok ng oras ng pagsundo sa loob ng isang oras bago o pagkatapos ng hiniling mong oras ng pagsundo. Gayunpaman, kung humiling ka ng oras ng pagdating, tatantiyahin ng SF Access Online ang pinakabagong oras na masusundo ka namin para dumating sa iyong destinasyon sa oras, at mag-aalok kami sa iyo ng oras ng pagsundo na hindi na mas aaga pa sa isang oras bago ang oras na iyon.

Mga Biyaheng Subscription

Maaari kang humiling ng serbisyo ng subscription kung bibiyahe ka patungo at mula sa parehong lugar sa (mga) parehong araw ng linggo, sa (mga) parehong oras, nang hindi bababa sa isang beses kada linggo, at pinaplano mong gawin ito ng hindi bababa sa isang buwan. Sa oras na ma-iskedyul ang serbisyo ng subscription, kailangan mo lamang tumawag kapag gusto mong ipakansela ang biyahe para sa (mga) partikular na araw.

- Hindi ginagarantiya ang mga bagong kahilingan para sa serbisyo ng subscription.
- Ang mga oras ng subscription ay maaaring aregluhin nang hanggang isang oras sa iyong hiniling na oras, gaya ng sa mga biyahe ng SF Access.
- Hindi available ang serbisyo ng subscription sa ilang lokasyon ng ahensya na siniserbisuhan na group van.
- Ang serbisyo ng subscription ay hindi ibinibigay sa mga pederal na holiday o sa araw pagkatapos ng Thanksgiving para sa mga biyahe patungo/mula sa mga dialysis center. Para bumiyah sa

*Sa ilang kaso, maaaring hindi makahanap ang SF Access Online ng sakay para sa oras na hiniling mo. Kung mangyayari ito, hindi makikita ang buton na Confirm Booking (Kumpirmahin ang Pagpapareserba) at hindi mo maipapareserba ang sakay na ito online. Sasabihan ka ng website na tawagan ang SF Access Reservations sa 415.285.6945, Opsyon 2, para ipareserba ang iyong sakay sa telepono.

Programa ng SF Access Paratransit

isa sa mga holiday na ito, kailangan mong gumawa ng regular na pagpapareserba nang maaga sa pagitan ng isa at pitong araw.

Ang paghiling o pag-update ng subscription ay maaaring gawin sa pamamagitan ng pagbisita sa SF Access Online o pagtawag sa Reservations sa 415.285.6945. Ipoproseso ang iyong kahilingan sa loob ng 21 araw at kung maaaprubahan, aabisuhan ka ng petsa na magsisimula ang iyong bagong subscription. Hanggang sa panahong iyon, patuloy na ipa-iskedyul ang iyong mga indibidwal na biyahe gamit ang SF Access Online o sa pamamagitan ng pagtawag sa 415.285.6945.

Kung hindi mabibigyan ng akomodasyon ang iyong hiniling na subscription, maghintay ng hindi bababa sa apat na linggo bago magsumite ng isa pa.

Mga Panuntunan at Patakaran ng SF Access

Mga Pamamaraan ng Pagsundo at Paghatid

- Tumawag ka man para magpareserba ng sakay o magpareserba online, aabisuhan ka ng ipinangakong oras ng pagsundo (o tatawagan ka sa ipinangakong oras ng pagsundo). Dapat kang maging handa na sumakay sa sasakyan sa loob ng inilaang 20-minutong pagsundo: mula limang minuto bago ang ipinangakong oras ng pagsundo hanggang 15 minuto pagkatapos ng ipinangakong oras ng pagsundo.
- Laging susubukan ng drayber na dumating sa loob ng inilaang 20-araw ng pagsundo. Ang sakay ay itinuturing na nasa oras kapag dumating ito para ihatid ka sa loob ng inilaang oras na ito. Ang sakay ay itinuturing na nahuli kung dumating ito sa labas ng inilaang oras na ito.
- Upang maiwasan ang "No-Show" (Hindi Pagdating), kailangan mong kilalanin ang pagdating ng drayber at simulan ang proseso ng pagsakay sa loob ng limang (5) minuto ng pagdating ng drayber. Sakaling dumating nang maaga ang drayber, hindi mo kailangang simulan ang pagsakay hanggang limang (5) minuto bago ang ipinangako sa iyong oras ng pagsundo.

Hindi aalis ang drayber sa oras na kilalanin at masimulan mo ang proseso ng pagsakay, kahit na aabutin ka ng mahigit limang minuto, hangga't ang proseso ng pagsakay ay magsisimula sa loob ng limang minuto ng pagdating ng drayber.

- Kung hindi ka makikita ng drayber sa oras ng pagdating nito sa itinalagang lugar ng pagsundo, susubukan ng drayber na hanapin ka sa pamamagitan ng pagkatok sa iyong pinto, pagtawag sa iyo

Programa ng SF Access Paratransit

sa intercom, o pagpapatawag o pag-page sa iyo sa dispatcher.

- Kung dumating ang drayber sa loob ng inilaang oras ng pagsundo at hindi ka mahanap sa loob ng limang (5) minuto ng pagdating, maaari kang idirekta ng drayber na pumunta sa susunod na oras ng pagsundo.
- Walang garantiya na makakabalik ang drayber para sunduin ka pagkatapos ng No-Show. Bibigyan ng priyoridad ang mga pasahero na nasa iskedyul, bagaman pagsusumikapan ng ahenteng nagreserba na pabalikin sa iyo ang drayber.
- Layunin naming huwag kailanman iwan ang pasaherong isinakay namin palayo sa tahanan.
- Sa iyong pagsakay, maging handa sa pagprisinta ng iyong ID, pagbabayad ng pamasahé, at paglagda sa listahan ng pasahero ng drayber, kung magagawa mo ito. Kung hindi ka makakapirma, isasaad ito ng drayber sa kanyang form.
- Kailangang manatili ang mga drayber sa lugar na nakikita nila ang kanilang mga sasakyan. Hindi ka maaaring samahan ng drayber nang lampas sa lobby ng unang palapag ng anumang gusali. Hindi pinahihintulutan ang mga drayber na pumasok sa mga pribadong tirahan.



Programa ng SF Access Paratransit

Tandaan:

- Hindi mo kailangang sumakay sa sasakyan bago ang simula ng inilaang 20 minuto. Kailangang maghintay ang drayber hanggang sa ipinangakong oras ng pagsundo bago ka ilista bilang No-Show at magpatuloy patungo sa susunod na susunduin.
- Ang drayber na dumating sa loob ng inilaang oras ng pagsundo o sa kalaunan pa ay laging maghihintay ng buong limang minuto. Hindi ka ituturing na No-Show kung tatanggihan mo ang sakay na dumating pagkatapos ng inilaang 20 minuto.
- Kung ang sasakyang paratransit ay hindi dumating hanggang sa katapusan ng inilaang oras, tawagan ang numero ng telepono ng 'Where's my Ride' ('Nasaan ang Aking Sakay') (415.285.6945) para iulat ang nahuling pagsundo at humingi ng higit pang tulong.
- Kung ang iyong sakay ay nahuli ng mahigit 30 minuto, hinihikayat ka naming tawagan din ang tanggapan ng SF Paratransit sa 415.351.7052 para maghain ng reklamo.

Tagal ng Pagsakay

Ang pagbiyahe sa SF Access ay aabutin ng humigit-kumulang parehong haba ng oras gaya ng biyahe sa Muni, kabilang ang panahong inaabot para maglakad patungo sa at mula sa mga hintuan ng transit at anumang mga paglipat. Halimbawa, kung nakatira ka sa Outer Sunset District at pupunta ka sa Ferry Building, ang biyahe ay aabutin ng 50 minuto sa Muni. Ang parehong biyaheng iyon sa SF Access ay dapat ding abutin ng humigit-kumulang 50 minuto. Ang SF Access ay shared-ride na serbisyo na nangangahulugan na maaaring sumakay ang iba sa sasakyan kasama mo, at ang sasakyan ay maaaring huminto para makasakay at makababa ang ibang mga pasahero.

Programa ng SF Access Paratransit

Mga Pagkansela ng Biyahe

Laging ikansela ang naka-iskedyul na biyahe sa oras na malaman mong hindi mo kailangan ang biyahe. Maaari mong kanselahin ang iyong biyahe online sa SFAccess.SFMTA.com, sa pamamagitan ng pagtawag sa Reservations para patiunang magkansela, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 'Where's my Ride' ('Nasaan ang Aking Sakay') para magkansela sa araw ng iyong biyahe. Kung hindi ka magkakansela, o kung magkakansela ka ng wala pang dalawang oras bago ang naka-iskedyul na biyahe, maaari kang masuring bilang No-Show. Kung nagkaroon ka ng labis-labis na mga naberipikang No-Show o pagkansela ng biyahe, maaaring masuspindi ang iyong serbisyo.

Labis-labis na mga Pagkansela ng Sakay

Huwag mag-iskedyul ng sakay para lamang magpareserba ng espasyo sa sasakyan para sa posibleng paggamit at pagkatapos ay magkakansela ng sakay. Nalalaman ang labis-labis na mga pagkansela kapag nagkaroon ang pasahero ng paulit-ulit o madalas na mga pagkansela sa pagdaan ng panahon. Ang labis-labis na mga pagkansela ay magreresulta sa babala at, kung ipagpapatuloy mo, ay maaaring magresulta sa pagsuspindi ng mga serbisyo. Bibigyan ng babala ang mga pasahero bago ang anumang pagsuspindi ng serbisyo.

Mga No-Show

- Nangyayari ang mga No-Show kung dumating ang sasakyan sa itinalagang lokasyon ng pagmumulan sa loob ng inilaang oras ng pagsundo at ang sertipikadong pasahero ay:
- Hindi magsisimulang sumakay sa loob ng limang minuto pagkatapos dumating ang sasakyan (at inanunsyo ng drayber ang kanyang presensya sa pinto).
- Tumangging sumakay (maliban kung dahil sa nahuling pagdating ng sasakyan o kakulangan ng pagtulong ng drayber).
- Magkakansela sa pinto.

Programa ng SF Access Paratransit

- Wala na itinalagang lokasyon at oras pagkatapos ianunsyo ng drayber ang kanyang presensya sa pinto at naghintay ng limang minuto.
- Hindi handang bumiyahe sa ipinangakong oras ng pagsundo o hindi makatuwirang ipinaantala ang van nang lampas sa karaniwang inilaang limang minutong oras ng paghahintay.
- Hindi nagbabayad ng pamasaha para sa biyahe at hindi makabiyahe dahil sa kasaysayan ng hindi pagbabayad ng pamasaha.

Ang mga parusa sa No-Show at Nahuling Pagkansela ay hindi ipapataw kung nagkaroon ng medikal na sitwasyon na pumipigil sa pasaherong sumakay sa sasakyan o kung naberipikang wala sa kontrol ng pasahero ang No-Show.

Pagsuspindi ng Serbisyo Dahil sa mga No-Show at Nahuling Pagkansela

Magastos ang mga No-Show at Nahuling Pagkansela at maaaring pigilan ang ibang mga pasaherong makakuha ng sakay. Ginagawa nitong kumplikado ang proseso ng pagpapalano at nagiging hindi kumbinyente para sa ibang mga pasahero.

Para sa anumang 30-araw kung saan umabot sa tatlo o higit pa ang mga No-Show o Nahuling Pagkansela sa mga biyahe ng pasahero, maaaring masuspindi ang pasahero kung ang mga biyaheng No-Show at Nahuling Pagkansela ay kumakatawan sa mahigit 10% ng kabuuang naka-iskedyul na biyahe ng pasahero. Halimbawa, ang pasaherong may 30 o mas kaunting naka-iskedyul na biyahe at tatlong hindi maipaliwanag na No-Show/Nahuling Pagkansela sa loob ng 30 araw ay maaaring maharap sa pagkasuspindi. Ang pasaherong may 40 naka-iskedyul na biyahe sa loob ng 30 araw at tatlong hindi maipaliwanag na No-Show/Nahuling Pagkansela ay hindi mapapailalim sa pagkakasuspindi.

Ang mga sumusunod na parusa ay maaaring suriin para sa mga No-Show o Nahuling Pagkansela na mangyayari sa loob ng 30 araw:

- Unang paglabag: pasalitang paalala sa pasahero.
- Ikalawang paglabag: nakasulat na babala sa pasahero.

Programa ng SF Access Paratransit

- Ikatlong paglabag: pagkakasuspindi ng serbisyo.

Ang itatagal ng pagkakasuspindi ay magiging progresibo:

- Unang pagkakasuspindi: pitong araw.
- Ikalawang pagkakasuspindi: 14 na araw
- Ikatlong pagkakasuspindi: 21 araw.
- Ikaapat at mga susunod na pagkakasuspindi 30 araw.

Para sa lahat ng iminumungkahing pagkakasuspindi, padadalhan ng tanggapan ng SF Paratransit ang pasahero ng sulat na nagsasaad ng panahon ng pagkakasuspindi at ang mga dahilan nito. Ang mga pasaherong iaapela ang iminumungkahing pagkakasuspindi ay maaaring matuloy na sumakay habang nakabinbin ang desisyon sa apela. Sa prosesong ito, maaaring hamunin ng mga pasahero ang pagkabalido ng kanilang mga No-Show at Nahuling Pagkansela. Kung tinanggihan ang apela, ipapataw ang pagkakasuspindi epektibo sa petsa kung kailan tinanggihan ang epela habang nakabinbin ang pinak na notipikasyon sa pasahero. Ang mga pagsuspindi sa ilalim ng patakarang ito ay naaangkop sa lahat ng serbisyo ng SF Paratransit.

Pagkatapos makumpleto ang pagsuspindi, sisimulan ng pasahero ang panibagong kasunod na 30 araw na may malinis na rekord (iyon ay, walang No-Show o Nahuling Pagkansela).

Mga Kahilingan at Pagbabago sa Parehong-Araw na Biyahe

Mayroong napakalimitadong bilang ng mga parehong-araw na biyahe upang makatulong sa pagtugon sa mga hindi inaasahang pangangailangan, tulad ng mga hindi inaasahang medikal na biyahe o biyahe para kumpunihin ang mga pantulong sa mobilidad. Hindi ginagarantiya ang mga naturang kahilingan: inuuna ang mga ito alinsunod sa layunin ng biyahe at kakayahan ng SF Access na bigyan ng akomodasyon ang kahilingan.

Mabuting opsyon ang mga serbisyo ng taxi para sa mga pangangailangan sa parehong-araw na biyahe kung mayroon kang balidong SF Paratransit Taxi Debit Card.

Kung tatawag ka sa araw ng serbisyo para baguhin ang oras o address ng pagsundo at paghatid sa iyo, ang pagbabagong iyon ay ituturing na

Programa ng SF Access Paratransit



parehong-araw na kahilingan at sasailalim sa pagiging available nito. Hindi maaaring gawin ang parehong-araw na kahilingan online.

Ang kahilingan para sa pagbiyahe sa parehong araw ay anumang kahilingan na ginawa pagkatapos ng 6:00 pm para sa pagbiyahe sa sumunod na araw o isang kahilingan sa araw na gusto mong bumiyah. Pagkatapos mong isumite ang kahilingan sa parehong araw, kailangan mong tumawag sa dispatch sa 415.285.6945, opsyon 3, ng dalawang oras bago ang ninanais na pagsundo para makumpirma kung mapapaunlakan ng SF Access ang iyong kahilingan at makakapagkaloob ng serbisyo.

Programa ng SF Access Paratransit

Ang SF Access TripInfo Line

Ang SF Access TripInfo Line ay nagbibigay ng naka-automate na Paalala sa Biyahe sa telepono sa araw bago ang iyong naka-iskedyul na biyahe at Update sa Nalalapit na Pagdating sa araw ng serbisyo. Kapag nagpapareserba para sa iyong biyahe sa SF Access sa pamamagitan ng telepono o online, itatanong namin kung gusto mong tumanggap ng tawag na Paalala sa Biyahe sa gabi bago ang iyong biyahe at tawag na Update sa Nalalapit na Pagdating sa araw ng iyong biyahe.

Tatawag sa telepono sa bahat na ibinigay mo sa amin noong nagparehistro ka sa amin (maliban kung nagbigay ka ng ibang numero). Kung wala ka para sagutin ang tawag, mag-iwan sa iyo ang SF Access TripInfo Line ng isang naka-automate na voice message.

Dalawang beses maririnig ang lahat ng tawag ng SF Access TripInfo. Manatili sa telepono at mauulit ang mensahe.

Para gumawa ng pagbabago sa impormasyon ng TripInfo para sa mga kasalukuyang biyahe o subscription, tumawag sa Reservations sa 415.285.6945.

Tawag na Paalala sa Biyahe. Tatawagan ka ng SF Access TripInfo Line sa pagitan ng 6:00 at 9:00 pm sa gabi bago ang iyong biyahe upang ipaalala sa iyo ang iyong naka-iskedyul na sakay. Update sa Nalalapit na Pagdating. Tatawagan ka ng SF Access TripInfo 10 minuto bago ang iyong naka-iskedyul na oras ng pagsundo upang ipaalam sa iyo kung ang van ay nasa oras o mahuhuli.

Programang Stair-Assist

Ang Stair-Assist ay isang serbisyong limitado sa mga pasaherong sertipikado ng ADA na bumibiyahe sa SF Access sa hindi de-motor na wheelchair at nangangailangan ng karagdagang tulong sa pag-akyat o pagbaba sa panlabas na hagdan. Sa Stair-Assist, ang drayber at isang assistant ang tutulong na iurong ka (sa iyong wheelchair) pataas at pababa ng iyong hagdan kapag mayroon kang biyahe sa SF Access. Ibinibigay lamang ang serbisyo sa iyong pangunahing tirahan at inaasahang magiging pansamantala habang nakatira ka sa bahay na hindi accessible. Hindi kailangan ang mga biyaheng Stair-Assist sa ilalim ng ADA at samakatuwid ay maaaring maging limitado, may restriksyon, o kaya ay kontrolado ng programa ng SF Paratransit.

Programa ng SF Access Paratransit

Maaari lamang ibigay ang Stair-Assist kung matutugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Ikaw, at ang iyong hindi de-motor na wheelchair, ay kailangang hindi lumampas ng pinagsamang timbang na 250 pounds.
- Accessible sa publiko ang hagdan.
- Ang hagdan ay hindi lalampas sa pinto o naka-lock na gate.
- Ang bilang ng mga hakbang ay mas mababa sa 24.
- Mayroong hindi hihigit sa dalawang likuan (maximum na 180 degrees sa bawat isa) kada hagdanan.
- Ang hagdan ay kailangang magkaroon ng babaan na may sukat na hindi bababa sa 30 by 48 pulgada sa itaas, sa ibaba, at sa anumang pagliko na 90 degrees o higit pa.
- Ang mga hagdan ay may pasimano na nasa mabuting kondisyon.
- Walang carpet ang mga hagdan at nasa mabuting kondisyon.
- Ang mga panlabas na baitang ay kailangang mayroong mga strip para hindi madulas kung ang ibabaw nito ay walang sapat na kapit (basa man o tuyo).

Para sa anumang bagong serbisyong Stair-Assist, ang SF Paratransit ay kailangan munang magsagawa ng pagbisita para maberipika na natutugunan ng iyong tirahan ang mga kinakailangan ng programa. Ang iyong pagiging karapat-dapat para sa serbisyong Stair-Assist ay maaaring matanggihan o maitigil kung hindi na natutugunan ang mga kinakailangang kondisyon. Tumawag sa 415.351.7052 para sa higit pang impormasyon o para gumawa ng kahilingan.

Pagkakaroon ng Stair-Assist. Kasalukuyang mayroon lamang Stair-Assist sa mga weekday (Lunes-Biyernes) at nilalayan para sa mga biyaheng may kaugnayang medikal. Maaaring isaalang-alang ang iba pang mga kahilingan depende sa kaso kung kaya ng mapagkukunan.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit



Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

PROGRAMANG SF PARATRANSIT TAXI

Paggamit ng mga SF Paratransit Taxi

- Ang programa ng SF Paratransit Taxi ay hindi serbisyong paratransit sa ilalim ng ADA, ngunit inihahandog ito sa karamihan sa mga indibidwal na karapat-dapat sa ilalim ng ADA na sinertipikahang gamitin ang serbisyong paratransit ng SF Access. Para sa karamihan sa mga pasahero ng SF Paratransit, mas natutugunan ng mga serbisyo ng taxi ang kanilang mga pangangailangan sa transportasyon.
- Ang mga serbisyo ng Paratransit taxi ay naghahandog ng pleksibilidad dahil ibinibigay ito sa tuwing hinihiling ng 24 na oras sa isang araw, pitong araw sa isang linggo, 365 araw sa isang taon. Ibinibigay ang serbisyo sa buong San Francisco patungo sa Treasure Island, at patungo sa hilagang Daly City sa County ng San Mateo. Ang Serbisyo ng SF Paratransit Taxi ay hindi nagsesebisyo sa mga paliparan.
- Para sa mga biyaheng patungo sa mga destinasyon sa labas ng siniserbisyuhang lugar, maaari mong gamitin ang mga panrehiyong serbisyong paratransit na inilalarawan sa pahina 14. Kung hindi ka sigurado kung ang iyong destinasyon ay nasa lugar na siniserbisyuhan ng SF Paratransit Taxi, maaari mong tawagan ang SF Paratransit sa 415.351.7052 o tingnan ang mapa ng aming lugar na siniserbisyuhan sa SFMTA.com/Maps.

Ang SF Paratransit Taxi Debit Card

Ang mga kalahok sa programa ng SF Paratransit Taxi ay bibigyan ng SF Paratransit Taxi Debit Card. Ang lahat ng pasahero sa SF Paratransit taxi ay kailangang magkaroon ng photo ID para sa kanilang SF Paratransit Taxi Debit Card.


Ang bawat SF Paratransit Debit Card ay isang debit card na naka-encode sa katangi-tanging paraan upang isama ang iyong litrato, petsa ng pagkawala ng bisa ng pagiging karapat-dapat, rider ID number sa SF Paratransit Taxi at isang 16-digit na numero ng debit card. Ginagamit ito para bayaran ang iyong mga biyahe sa SF Paratransit Taxi, at nagsisilbi rin ito bilang isang SF

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Paratransit Taxi card. Kapag natanggap mo na ang iyong SF Paratransit Debit Card, kailangan mong i-activate ito sa pamamagitan ng pagtawag sa walang bayad na numero na ibinigay sa bago mong card. Sundin ang mga tagubilin.

Bago mo gamitin ang card, kailangan mong magdagdag ng halaga rito at lagdaan ang likod ng iyong card. Kung hindi mo kayang pirmahan ang card, ilimbag o ipalimbag sa iba ang UTS (unable to sign o hindi makapirma) sa bahaging pipirmahan.

Magagamit lamang ang iyong SF Paratransit Taxi Debit Card para bayaran ang mga sakay sa taxi kapag ikaw ay nasa sasakyan ng taxi. Ang pagpapahintulot sa iba na gamitin ang iyong card ay maaaring magresulta sa pagkakasuspindi o pagbawi ng iyong mga pribilehiyo sa taxi, at maaari kang sumailalim sa kriminal na prosekusyon. Nakikipagtulungan ang San Francisco Police Department sa SF Paratransit para subaybayan ang programa para sa pandaraya.



Paglalaan Buwan-buwan/Paghiling ng Karagdagang Halaga

Sa una mong pag-enroll sa programa ng SF Paratransit Taxi, tatanggap ka ng pamantayang paglalaan buwan-buwan: halaga ng sakay sa taxi na pinahihintulutan kang bilhin kada buwan. Maaari kang humiling ng mas mataas na paglalaan buwan-buwan sa pamamagitan ng pagsagot sa form para isadokumento ang iyong karaniwang biyahe buwan-buwan at isasaalang-alang ng kawani ng SF Paratransit ang iyong kahilingan batay sa iyong mga karapat-dapat na biyahe.

Ang mga indibidwal na kondisyonal na karapat-dapat ay inaasahang gagamitin lamang ang mga serbisyo ng paratransit taxi na hindi nila kayang gawin sa Muni o BART. Mahigpit na ipinapatupad ang mga buwanang limit sa SF Paratransit Taxi Debit Card. Kung walang sapat na halaga sa iyo ng SF Paratransit Debit Card para mabayaran ang iyong biyahe sa taxi, inaasahan kang magbabayad sa anumang mga natitirang halaga gamit ang sarili mong pera.

Para humiling ng dagdag na halaga para sa partikular na buwan dahil sa hindi inaasahang pagtaas ng mga pangangailangan sa pagbiyahe, kumpletuhin ang espesyal na form na makukuha sa tanggapan ng San

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Francisco Paratransit o sa [SFMTA.com/ParatransitTaxi](https://www.sfmta.com/ParatransitTaxi).

Petsa ng Pagbili at Pagdagdag ng Halaga

Para magamit ang iyong SF Paratransit Debit Card, kailangan mong magdagdag ng halaga rito. Tatanggap ka ng \$30 halaga ng serbisyo sa taxi para sa bawat \$6.00 na binabayaran mo (napapailalim sa pagbabago).

May ilang paraan para magdagdag ng halaga:

- Sa pamamagitan ng pag-log in sa SF Paratransit Taxi Online (SFParatransitTaxi.SFMTA.com) para magdagdag ng halaga gamit ang iyong credit card.
- Sa pamamagitan ng pagtawag sa aming Finance Department sa 415.351.7051 (sa mga oras na bukas ang tanggapan) para magdagdag ng halaga gamit ang iyong credit card.
- Sa pamamagitan ng pagpapadala ng tseke o money order (ibabayad sa SF Paratransit) o nakumpletong credit card payment slip sa tanggapan ng SF Paratransit. Isulat ang iyong SF Paratransit Taxi Debit Card o rider ID number sa iyong tseke. Magpahintulot ng sapat na panahon para matanggap at maiproseso ang iyong ibinayad. Hindi mananagot ang SF Paratransit sa pagkawala o pagkaantala ng mga materyal na ipapadala sa pamamagitan ng koreo.
- Sa pamamagitan ng pagpunta sa aming tanggapan para magbayad. Ang mga sa-personal na pagbabayad ay tinatanggap sa pamamagitan ng credit card, cash, tseke, o money order. Ang mga sa personal na transaksyon ay nangangailangan ng iyong SF Paratransit Debit Card. Kung may iba pa na pumunta sa tanggapan para magbayad para sa iyo, kailangan niyang iprisinta ang iyong SF Paratransit Debit Card, pati na rin ang kanyang ID na inisyu ng pamahalaan.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Ang iyong buwanang petsa ng pagbili at panahon ng petsa ng pagbili (hanggang sampung araw pagkatapos, kasama ang petsa ng iyong pagbili) ay itatakda sa petsa ng una mong pagbili.

Kung magdadagdag ka ng halaga sa iyong SF Paratransit Debit Card pagkatapos ng panahon sa petsa ng iyong pagbili, magtatalaga kami sa iyo ng panibagong petsa ng pagbili. Halimbawa, kung ang petsa ng iyong pagbili at sa ika-5 araw ng buwan at hindi ka bumili hanggang sa ika-18, ang iyong bagong petsa ng pagbili ay magsisimula sa ika-18 araw ng sumunod na buwan.

Maaari mong tingnan ang petsa ng iyong pagbili online sa SFParatransitTaxi.SFMTA.com o sa pamamagitan ng pagtawag nang walang bayad sa 1.877.SFTAXI.1 (1.877.738.2941) at sundin ang mga tagubilin.

Paunang Pagbili (Patiunang Pagbabayad) at Paglalagay ng Halaga: Ang Iyong Reserve Account

Hindi mo kailangang maghintay hanggang sa magsimula ang iyong petsa ng pagbili para magbayad. Kung gusto mo, maaari mong "paunang bilhin" ang halaga bago ang petsa ng iyong pagbili. Ilalagay ang mga pondo sa iyong Reserve Account, at pagkatapos ay awtomatikong ililipat ito sa iyong SF Paratransit Debit Card sa oras na magsimula ang petsa ng iyong pagbili. Halimbawa, kung ang petsa ng iyong pagbili ay sa ika-18 ng buwan at pauna kang bumili sa ika-5, ang mga pondo ay ilalagay sa iyong Reserve Account at pagkatapos ay awtomatikong maililipat sa iyong SF Paratransit Debit Card sa ika-18. Ang paunang pagbili ay isang kapaki-pakinabang na opsyon para mapanatiling may pondo ang iyong SF Paratransit Debit Card anuman ang iyong petsa ng pagbili.



Maaari kang bumili nang maaga ng hanggang 12 buwan. Sa bawat buwan sa loob ng petsa ng pagbili, ang halaga ng inilalaan mo buwan-buwan ay awtomatikong makukuha sa iyong SF Paratransit Taxi Debit Card.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Hindi Nagamit na Halaga

Kung mayroon kang tatlong buwan na hindi nagamit na halaga sa SF Paratransit Taxi Debit Card sa isang aktibong kard, hindi kami maaaring magdagdag ng halaga hangga't hindi pa nagagamit ang hindi bababa sa inilaan na isang buwan (ang hindi nagamit na halaga sa isang aktibong card ay naiiba sa paunang binila na mayroon nang halaga). Halimbawa, kung ang iyong biniling halaga ay \$90 at bumili ka para sa buong tatlong buwan (\$270), kailangan mong gamitin ang hindi bababa sa \$90 bago ka magdagdag ng halaga sa iyong SF Paratransit Taxi Debit Card. Ang anumang mga pagbiling ginawa kapag nasa maximum ang halaga ng iyong card ay ilalagay sa iyong Reserve Account.

Tingnan ang Balanse ng Iyong SF Paratransit Taxi Debit Card

May apat na paraan para makita ang balanse sa iyong SF Paratransit Taxi Debit Card:

- Mag-log in sa SF Paratransit Taxi Online sa SFParatransitTaxi.SFMTA.com at i-click ang My Cards (Mga Kard Ko). Ipinapakita sa iyo sa hanay ng Card Balance (Balanse sa Kard) kung magkanong credit sa sakay ang kasalukuyang nasa iyong card account. Kung nagdagdag ka ng halaga na hindi pa nailalagay sa iyong card, makikita mo ang halaga sa hanay ng Reserve Balance (Reserbang Balanse). Ipinapakita sa hanay ng Monthly Allotment (Inilalaan Buwan-buwan) kung magkanong credit sa sakay ang nararapat mong matanggap sa bawat buwan kung pipiliin mo itong bilhin.
- Tumawag sa walang bayad na automated voice response system sa 1.877.SFTAXI.1 (1.877.738.2941) at sundin ang mga tagubilin.
- Hilingin sa sinumang drayber ng taxi sa San Francisco na i-swipe ang iyong card upang maipaalam sa iyo ang iyong balanse. Kung mayroon kang mahigit \$75 na halaga sa iyong card, para sa mga dahilan ng pagkapribado, ipapakita sa resibo ang \$75+.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

- Tumawag sa tanggapan ng SF Paratransit sa 415.351.7052 (sa mga oras na bukas ang tanggapan) at hilingin sa customer service representative (kinatawang nagbibigay-serbisyo sa customer) na tingnan ang iyong balanse.

Mga Nawala, Ninakaw, o Nasirang Debit Card

Ang mga nawala, ninakaw, o nasirang SF Paratransit Taxi Debit Card ay kailangang iulat sa lalong madaling panahon sa tanggapan ng SF Paratransit Taxi. Maaari mong iulat ang nawala, ninakaw, o nasirang card sa pamamagitan ng

- Pag-log in sa SF Paratransit Taxi Online sa SFParatransitTaxi.SFMTA.com at i-click ang Report Lost/Stolen (Iulat ang Nawala/Ninakaw na Kard).
- Pagtawag sa aming automated system sa 1.877.738.2941 (24 na oras/araw, 7 araw kada linggo)
- Pagtawag sa aming Finance department sa 415.351.7051 (sa mga oras na bukas ang tanggapan).

Sa oras na maiulat ang card bilang nawala, ninakaw, o nasira, agad itong made-deactivate, at ang balanse sa panahong iyon ay idadagdag sa bagong inisyung SF Paratransit Taxi Debit Card. Personal na makukuha ang bagong card sa tanggapan ng SF Paratransit o maaari itong ipadala sa nakarehistrong pasahero sa pamamagitan ng first class U.S. Mail. Ang mga bago o pamalit na card ay maaari lamang ipadala sa address na pangkoreo ng nakarehistrong pasahero na naka-file sa tanggapan ng SF Paratransit.

Hindi mananagot ang SF Paratransit para sa anumang halaga ng balanse sa account na maaaring nagamit bago maiulat ng pasahero ang card bilang nawala o ninakaw. Maaari mapalitan ang SF Paratransit Taxi Debit Card ng pasahero nang libre nang isang beses lamang kada limang taon.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Kailangan mong tawagan ang SF Paratransit sa 415.351.7000 sa mga oras na bukas ang tanggapan para makuha ang pamalit na card. Pagkatapos ng unang libreng pagpapalit ng card, magpapataw ng singil na \$5 para sa bawat susunod na pagpapalit. Dapat ilayo ng mga pasahero ang mga SF Paratransit Taxi Debit Card sa lahat ng magnet at cell phone para malimitahan ang potensyal na pagkasira sa card.

Maling Paggamit ng Taxi Debit Card ng SF Paratransit

Ikaw ay inaasahang susunod sa mga panuntunan ng Programang SF Paratransit Taxi sa lahat ng oras. Maaaring kasama sa mga paglabag sa programa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Paggamit ng iyong SF Paratransit Taxi Debit Card na may hindi sapat na pondo.
- Paggamit ng hindi aktibong SF Paratransit Taxi Debit Card.
- Paggamit ng iyong SF Paratransit Taxi Debit Card para sa 'round trip' o 'wait trip.'
- Paggamit ng iyong SF Paratransit Taxi Debit Card para sa pamasaheng lalampas sa pinahihintulutang limit.
- Paggamit ng iyong SF Paratransit Taxi Debit Card para sa biyaheng magsisimula o magtatapos sa labas ng siniserbisyuhang lugar ng SF Paratransit.
- Paggamit ng iyong SF Paratransit Taxi Debit Card ng sinuman bukod sa iyo.

Ang ebidensya ng posibleng maling paggamit o pang-aabuso sa programa ng SF Paratransit Taxi ay maaaring magresulta sa pagkakasuspindi o pagbawi mula sa programa. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga paglabag sa programa, mangyaring tawagan ang tanggapan ng Paratransit sa 415.351.7052.

Pag-iskedyul ng Iyong Biyahe sa SF Paratransit Taxi

Pagpili ng Kumpanya ng Taxi

Sa oras na magparehistro ka sa programa ng SF Paratransit Taxi, maaari mong tawagan ang anumang kumpanya ng taxi na nasa programa o tumawag ng taxi sa smartphone gamit ang e-hail app. Ang lahat ng kumpanya ng taxi sa San Francisco ay inaatasan ng ordinansa ng Lungsod

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

na makibahagi sa programa ng SF Paratransit at kailangang tanggapin ang kabayaran gamit ang SF Paratransit Taxi Debit Card.

Tandaan na paminsan-minsan, maaaring hindi makasunod ang kumpanya ng taxi sa mga panuntunan ng programa at pansamantalang hindi makasali sa programa ng SF Paratransit.

Upang matiyak na kasalukuyang aktibo ang kumpanya ng taxi na pipiliin mo sa programa ng SF Paratransit Taxi, tawagan ang SF Paratransit Taxi Hotline. 415.351.7090

Pagpapareserba ng Taxi

- **Sa pamamagitan ng telepono.** Abisuhan ang kumpanya ng taxi sa oras na malaman mong kakailanganin mo ng taxi, ngunit hindi bababa ng 30 minuto bago mo talaga kailangang sumakay. Kung kailangan mong magtakda ng isang appointment, siguraduhing nagpapahintulot ka ng sapat na oras para makarating doon. Bagaman direkta ang mga pagsakay ng taxi, magpahintulot ng sapat na oras para sa drayber na dumaan sa trapiko. Dahil limitado ang bilang ng mga wheelchair-accessible ramp tax (taxi na madaling masasakyan ng wheelchair), inirerekomenda naming magpapareserba ka ng taxi nang hindi bababa sa isang oras bago ang gusto mong oras ng pagsundo.

Sa personal. Ipaalam sa drayber bago sumakay na nilalayan mong magbayad gamit ang iyong SF Paratransit Taxi Debit Card. Kung hindi tatanggapin ng taxi ang card, tawagan ang tanggapan ng Paratransit sa 415.351.7052 o i-dial ang 311.

- **Sa pamamagitan ng app sa iyong smartphone.** Maaaring pahintulutan ng mga e-hail app ang mga gumagamit na pumili mula sa regular na taxi o wheelchair-accessible ramp taxi. Tumawag sa SF Paratransit para makumpirma kung aling e-hail app ang kasalukuyang magagamit o bumisita sa SFMTA.com/Taxi.

Kung tatawag ka para humiling ng taxi, pakinggan nang mabuti ang mga itinatanong ng dispatcher. Kung mas maraming detalye ang ibibigay mo, mas makapagbibigay sa iyo ng mabuting serbisyo ang kumpanya ng taxi. Kung mas gusto mo ng sedan, humiling nito. Kung ikaw o ang iyong kasama ay gumagamit ng wheelchair at hindi makalipat ng upuan, humiling ng wheelchair-accessible ramp taxi.

Bumisita sa SFMTA.com/Taxi para sa higit pang impormasyon.

Pagdating Doon sa Oras

Sa panahon ng mga holiday, mga araw bago ang mga holiday, tuwing Biyernes ng hapon, o sa anumang oras kapag masama ang panahon, maaaring maging mas mahirap para sa iyong makakuha ng serbisyo ng taxi. Isaisip ito kapag

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

humihiling ng serbisyo ng sedan o wheelchair-accessible ramp taxi ng wheelchair at magpahintulot ng ekstrang oras.

Itinuturing na nasa oras ang isang taxi kung darating ito sa loob ng 30 minuto mula sa oras na ipinarating mo ang iyong kahilingan. Upang iulat ang paulit-ulit na naantalang serbisyo o anumang iba pang problema sa serbisyo ng taxi, tawagan ang tanggapan ng Paratransit sa 415.351.7052 o i-dial ang 311. Makakatulong ito sa amin na mapabuti ang aming serbisyo.

Kung gumagamit ka ng app para tumawag ng taxi, maaari mong subaybayan ang oras ng pagdating ng taxi sa iyong screen. Kung tatawag ka para kumuha ng taxi at hindi ito dumating pagkatapos ng 30 minuto, tumawag ulit para tingnan ang status nito.

Kung nagbago ang mga plano mo, huwag kalimutang kanselahin ang iyong orihinal na kahilingan. Pinahahalagahan ito ng mga drayber at dispatcher ng taxi kapag maaga silang inaabisuhan ng mga customer ng mga pagbabago sa iskedyul.

Pagkuha at Pagbabayad ng Sakay sa Taxi

Kapag Sumasakay Ka sa Taxi

Iprisinta ang iyong SF Paratransit Taxi Debit Card sa drayber bago ang pagsisimula ng biyahe at ipaalam sa kanila ang iyong destinasyon. Isu-swipe ng drayber ang iyong card upang maberipika na mayroon kang sapat na pondo sa iyong account para bayaran ang biyahe. Kung walang sapat na halaga, maaari mong piliin na gamitin ang natitirang halaga sa iyong SF Paratransit Taxi Debit Card at bayaran ang karagdagang halaga ng iyong biyahe gamit ang cash o credit card. Kung walang laman ang iyong account, dapat mong bayaran ang buong biyahe gamit ang iba pang paraan ng pagbabayad.

Sa Katapusan ng Iyong Biyahe

Ipapaalam sa iyo ng drayber ang halaga ng biyahe mula sa metro ng taxi. Ibigay sa drayber ang iyong SF Paratransit Taxi Debit Card. Isu-swipe ng

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

drayber ang iyong card at pagkatapos ay itatanong kung gusto mong magbigay ng tip. Kasalukuyang pinahihintulutan ang pagbibigay ng tip gamit ang SF Paratransit Taxi Debit Card (napapailalim sa pagbabago



Nasa sa iyo kung magbibigay ka ng tip. Kung pinili mong magbigay ng tip, awtomatikong kakalkulahin ng system ang tip sa 15% ng sakay, na naka-round up sa pinakamalapit na limang sentimo, hanggang sa pinakamataas na \$4, at ibabawas ito mula sa balanse ng account sa SF Paratransit Taxi Debit Card kasama ang halaga ng pamasaha.

Magpi-print ang drayber ng dalawang resibo – isa para sa iyo upang pirmahan at ibalik at isa para sa iyo upang itago mo para sa iyong mga rekord. Makikita sa iyong resibo ang natitirang balanse sa iyong account sa SF Paratransit Taxi Debit Card pagkatapos ng biyaheng kakakumpleto mo pa lamang. Para sa iyong pagkapribado, makikita ang balanseng \$75 sa iyong resibo kung ang iyong balanse ay mas malaki sa \$75.

Kung hindi gumagana ang iyong debit card o ang makinang nagpoproseso ng debit card ay hindi tinatanggap ang card:


- Siguraduhin na ginagamit mo ang naka-activate na SF Paratransit Taxi Debit Card na iprinisinta mo sa drayber sa simula ng iyong biyahe.
- Paalalahanan ang drayber ng iyong taxi driver na iusad ang sasakyan ng ilang talampakan dahil maaaring nasa "dead zone" ka na pumipigil sa iyong makakuha ng cellular reception upang iproseso ang pagbabayad.
- Kung hindi pa rin nagpoproseso, kailangang kumpletuhin ng drayber ng taxi ang isang papel na Manual Receipt (Resibong Susulatan) at tawagan ang numero ng telepono ng Interactive Voice Response (IVR) na nakalista upang makuha ang code sa pag-apruba.

Kung naberipika mong may sapat na pondo sa iyong SF Paratransit Taxi Debit Card sa simula ng iyong biyahe, hindi ka dapat atasang bayaran ang buong nakametro ng pamasaha gamit ang iyong personal na pondo. Maaari mong iulat ang anumang problema sa pagbabayad SF Paratransit sa pamamagitan ng pagtawag sa amin sa 415.351.7052 (sa mga oras na bukas ang tanggapan).

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Pagsakay sa Taxi Nang May Kasama

Pinahihintulutan ka ng San Francisco Transportation Code na sumakay sa taxi na may pinakamaraming bilang ng mga taong ligtas na maisasakay (kadalasan apat na adult). Hindi mangangailangan ng dagdag na pamasahе para sa attendant o karagdagang pasahero hangga't sisimulan at tatapusin nila ang kanilang sakay kasama ka. Ang pasahero lamang na sertipikado sa ilalim ng ADA ang maaaring magmay-ari o gumamit ng SF Paratransit Taxi Debit Card. Ang attendant o kasama ay hindi maaaring gamitin ang iyong SF Paratransit Taxi Debit Card sa anumang pagkakataon.



Pagsakay sa Taxi Kasama ang Iba Pang mga Pasahero ng Paratransit

Magkasamang sumasakay ang ilang pasahero ng SF Paratransit na magkakapitbahay o nakatira sa parehong housing complex. Kapag magkasamang bibiyahe ang dalawa, ang isang pasahero ay gagamitin ang kanyang SF Paratransit Taxi Debit Card para bayaran ang biyahe patungo sa destinasyon at ang isa ay babayaran ang biyaheng pabalik. Kapag tatlo o higit pang karapat-dapat na pasahero ang magkakasamang bibiyahe, madalas silang magsasalit-salit sa pagbabayad gamit ang kanilang mga SF Paratransit Taxi Debit Card. Sa pamamagitan ng maagang pagpapalano, makakatipid ang mga pasaherong ito ng Paratransit sa pamamagitan ng pagbibiyahe nang magkakasama patungo sa shopping center, supermarket, teatro, o museo. Ang ilang ay magkakasama rin sa sakay patungo sa mga appointment.

Tumawag sa amin para sa higit pang impormasyon tungkol sa pakikigamit ng mga sakay ng taxi gamit ang mga SF Paratransit Taxi Debit Card. **415.351.7052**

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit



Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

IBA PANG MGA SERBISYO PARA SA MATATANDA AT TAONG MAY MGA KAPANSANAN

Mga Serbisyo ng ADA

Ang Group Van

Ang mga SF Paratransit Group Van ay paunang iniskedyul na serbisyo na nagbibigay ng door-to-door na transportasyon sa mga grupo ng mga pasaherong karapat-dapat sa ilalim ng ADA na pumupunta sa mga partikular na programa ng ahensya tulad ng Adult Day Health Care, mga senior center, o lugar ng trabaho.

Pagiging Karapat-dapat at Pag-enroll

Upang mahandugan ng mga serbisyo ng SF Paratransit Group Van, kailangan ka munang mapagpasyahang karapat-dapat sa ilalim ng ADA para sa mga serbisyo ng SF Paratransit, at pumunta sa programa ng ahensyang siniserbisuhan ng programang SF Paratransit Group Van. Ang programa ng ahensya ay kailangang magsumite ng aplikasyon ng ADA sa tanggapan ng SF Paratransit sa ngalan mo.

Sa oras na maaprubahan ang iyong pagiging karapat-dapat para sa serbisyonang ADA Paratransit, aabisuhan ng tanggapan ng SF Paratransit ang kalahok na ahensya at tagapagkaloob ng serbisyo. Pagkatapos ay mag-aayos ang kalahok ng ahensya at tagapagkaloob ng serbisyo ng iskedyul ng pagsundo para sa iyo na umaakba sa loob ng mga kasalukuyang ruta ng tagapagkaloob ng serbisyo, kung mapapahintulutan ng espasyo at mga mapagkukunan.

Serbisyo

Pinatatakbo ang serbisyo ng SF Paratransit Group Van sa ilalim ng mga parametro na inilalarawan sa loob ng Memoranda of Understanding (MoU, Kasulatan sa Pag-unawa) sa pagitan ng kalahok na Ahensya, Tagapagkaloob ng Serbisyo ng Transportasyon, at tanggapan ng SF Paratransit. Ang serbisyo ng Group Van ay napapailalim sa mga patakaran, panuntunan, at responsibilidad ng SF Paratransit (tingnan ang pahina 57). Maaaring iangkop ang ilang karagdagang restriksyon.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong kalahok na ahensya para sa higit pang impormasyon.

Mga Kalahok na Ahensya

Nagpapanatili ang SF Paratransit ng listahan ng mga organisasyon para kung saan ipinagkakaloob ang mga serbisyo ng Group Van. Kabilang sa mga ito ang mga serbisyo ng adult day, programang sumusuporta sa matatanda, piling senior center, at workshop para sa mga taong may mga kapansanan sa pangangatawan at pag-unlad. Ang mga organisasyong interesadong matutunan pa ang tungkol sa pagsali sa serbisyo ng Group Van ay maaaring makipag-ugnayan sa SF Paratransit. **415.351.7065**

Mga Serbisyonang Hindi Limitado sa mga Pasaherong Karapat-dapat sa ADA

Ang Serbisyonang Shop-a-Round

Ang Shop-a-Round ay isang serbisyonang kumbinyente at mura na nagpapadali na pumunta at mamili sa grocery.

- Inihahatid ng **Shop-a-Round Shuttle** ang mga grupo ng mga pasahero sa mga tindahan ng grocery o supermarket sa San Francisco kung saan gusto nilang mamili.
- Nagbibigay ang **Shop-a-Round Taxi** sa mga pasahero ng debit card para sumakay ng taxi patungo o mula sa tindahan ng grocery na pipiliin nila.

Naghahandog ang serbisyo sa mga rehistradong matatanda at mga indibidwal na may kapansanan ng personalisadong tulong na hindi makukuha sa bus at tren ng Muni.

Pagpaparehistro para sa Programa

Kailangang matugunan ng mga rehistradong pasahero ang hindi bababa sa isa sa mga kwalipikasyong ito:

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

- Maging nasa edad na 65 o pataas.
- May kapansanan ay RTC Discount ID Card (May Diskwentong ID Card ng RTC).
- Maging karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Paratransit alinsunod sa ADA.

Kung matutugunan mo ang isa sa mga pamantayang ito, punan ang form ng pagpaparehistro sa pamamagitan ng paghiling ng papel na aplikasyon mula sa Mobility Management department o pumunta online para punan ang elektronikong aplikasyon. Kakailanganin mong magbigay ng katibayan na ikaw ay karapat-dapat para sa programa kapag nagsusumite ng form ng pagpaparehistro. Maaari mo ring isaad kung alin sa dalawang programang Shop-a-Round, ang Shuttle o Taxi, ang pinaniniwalaan mong pinakamahusay na makakatugon sa iyong mga pangangailangan.

Para humiling at magsumite ng iyong form ng pagpaparehistro, maaari mong:

- Hilingin o ihatid ang form sa pamamagitan ng koreo o sa personal sa tanggapan ng SF Paratransit.
- I-fax ang form sa amin sa 415.351.3135.
- I-email ang form sa Mobility Management Center sa MobilityOptions@SFMTA.com.
- Pumunta online sa SFMTA.com/ShopaRound

Siguraduhin na nakalakup ang mga sumusuportang dokumento kasama ang iyong form ng pagpaparehistro, kung kailangan. Sa oras na makumpleto, tatanggap ka ng kumpirmasyon sa pamamagitan ng email o sulat sa koreo.

Ang Shop-a-Round Shuttle

Pagpapa-iskedyul ng mga Biyahe

Sa oras na makumpirma ang iyong pagpaparehistro, maaari mong simulan ang pagpapareserba ng mga sakay sa Shop-a-Round Shuttle. Repasuhin ang iskedyul ng Shop-a-Round Shuttle, at pagkatapos ay tawagan ang

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

numero ng telepono na ibinigay sa mga babasahing impormasyon sa pagpaparehistro upang maipaalam sa ahente kung saan mo gustong mamili ng grocery. Kapag tinanggap ng ahente ang iyong kahilingan, maaari siyang agad na mag-alok ng oras ng pagsundo, o maaari ka niyang tawagan para ibigay ang iyong naka-iskedyul na oras ng pagsundo. Para sa serbisyo sa lunes, kailangan mong gawin ang kahilingan hanggang Biyernes bago ang iyong biyahe.

Regular na inia-update ang iskedyul ng Shop-a-Round Shuttle at ipinapadala sa mga rehistradong pasahero sa pamamagitan ng koreo.

Kapag sasakay ka sa isang Shop-a-Round Shuttle, ikaw ay sasakay sa isang van kasama ang iba pang mga pasaherong pupunta sa parehong tindahan ng grocery.

Mga Pamasaha

Ang mga biyahe sa Shop-a-Round Shuttle ay nagkakahalaga ng \$2.85 kada one-way na biyahe (\$5.70 sa balikang biyahe, na napapailalim na pagbabago). Kailangan ang pamasaha sa oras ng pagsakay sa sasakyan, at maaaring mabayaran sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

- Cash: Eksaktong halaga lamang na ibinibigay sa drayber.
- Ticket para sa Pang-isahang Sakay: Ibinibigay sa drayber. Ang mga ticket para sa pang-isahang sakay ay kailangang patiunang bilhin sa pamamagitan ng koreo, pagbisita sa tanggapan ng SF Paratransit, o pagtawag sa 415.351.7000.
- MuniMobile Ticket: Ang mobile ticket para sa isang sakay ay kailangang patiunang bilhin sa MuniMobile app, at pagkatapos ay i-activate sa iyong smartphone at maiprisinta sa drayber sa oras ng pagsakay.

Kung ikaw ay gumagamit ng SF Access o may hawak ng RTC card at itinalaga bilang mayroong attendant, maaaring sumakay ang attendant kasama mo nang walang bayad.

Ang serbisyo ng Shop-a-Round Shuttle ay paunang naka-iskedyul at batay sa pagkakaroon nito.

Pagsakay sa Shop-a-Round Shuttle

- Maaari kang bumiyahe kasama ang isang companion kung mayroong espasyo sa sasakyan.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

- Bagamang hindi maaaring pumasok sa iyong tirahan ang mga drayber ng Shop-a-Round, makakapaghandog sila ng tulong sa pagsakay kapag hiniling mula sa pasukan ng iyong tirahan o gusali kung saan ka nakatira.
- Sa daan patungo sa tindahan ng grocery, hihinto ang van para sunduin ang iba pang mga pasahero sa kanilang mga tirahan. Gugugol ka ng humigit-kumulang isang oras sa tindahan ng grocery.
- Sa daan pauwi ng bahay, hihinto ang van para ihatid ang iba pang mga pasahero sa kanilang mga tirahan.
- Kapag dumating ka na sa iyong destinasyon, likumin ang lahat ng iyong pag-aari at maghanda para makababa ng sasakyan. Maaari mong gamitin ang pang-alsa o rampa, o humingi ng tulong sa pagbaba ng sasakyan at pagpunta sa pinto. Kung sasakay ka gamit ang aparato sa mobalidad., aalisin ng drayber ang anumang pangkabit bago ka tulungang makalabas ng sasakyan.
- Ang drayber ay magbubuhay ng hanggang tatlong (3) supot ng pinamili sa grocery sa bawat rehistradong pasahero sa pagitang sasakyan at ng iyong harapang pinto.
- Siguraduhing pinasasalamatan ang iyong drayber kung nasiyahan ka sa iyong sakay.

Ang Shop-a-Round Taxi

Para sa ilang aplikante, mas natutugunan ng serbisyo ng Shop-a-Round Taxi ang kanilang mga pangangailangan dahil sa limitadong pagkakaroon ng serbisyo ng shuttle sa kanilang lugar.

Sa Shop-a-Round Taxi, bibigyan ka ng Shop-a-Round Taxi Debit Card na magagamit mo para bayaran ang gastos sa mga biyahe sa taxi patungo at mula sa mga lokasyon ng pamimili sa grocery.

Ang Shop-a-Round Taxi Debit Card ay napapailalim sa mga panuntunan

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

ng Programang SF Paratransit Taxi. Tingnan ang impormasyon tungkol sa Programang SF Paratransit Taxi sa pahina 35. Naiiba ang Programang Shop-a-Round Taxi Debit Card sa Programang SF Paratransit Taxi Debit Card sa ilang paraan:

- Hindi kailangan ng mga pasahero ng Shop-a-Round Taxi na maging karapat-dapat sa paratransit alinsunod sa ADA para makasakay. Tingnan ang impormasyon tungkol sa Pagpaparehistro para sa Programa sa pahina 48.
- Maaaring lamang gamitin ang Shop-a-Round Taxi Debit Card sa biyahe patungo at mula sa mga awtorisadong lokasyon para sa pamimili sa grocery.

Ang Van Gogh Shuttle

Ang Van Gogh ay isang serbisyong van shuttle na ibinibigay ng SF Paratransit para sa mga grupo ng matatanda at/o mga indibidwal na may mga kapansanan upang gumalo sa mga event sa San Francisco para sa pakikisalamuha at pangkultura.

Kung nagkaroon ka ng positibo o negatibong karanasan sa Shop-a-Round o Van Gogh Shuttle, ikalulugod naming marinig ang tungkol dito.

**Makipag-ugnayan sa Mobility Management Center para ibahagi ang iyong mga tanong o saloobin. 415.351.7000.
MobilityOptions@SFMTA.com**

Sundin ang mga hakbang na ito para magpareserba para sa Van Gogh para sa susunod na outing ng iyong grupo:

Pagpapa-iskedyul ng mga Biyahe

1. **Maghanap ng coordinator para sa iyong biyahe.** Ang bawat biyaheng Van Gogh ay kailangang magkaroon ng iisang trip coordinator (tagapag-ayos ng biyahe) na responsable para sa pag-oorganisa ng grupo, paghiling at pag-iskedyul ng biyahe, at pagsisilbi bilang liaison sa pagitan ng SF Paratransit at ng grupo sa araw ng biyahe.
2. **Magsumite ng form ng kahilingan.** Maaaring humiling ang coordinator ng biyahe gamit ang trip request form (form ng paghiling sa biyahe) online sa SFMTA.com/Accessibility. Para humiling ng naka-print na kopya ng trip request form, makipag-ugnayan sa Mobility Management Center sa 415.351.7000 o mag-email sa MobilityOptions@SFMTA.com.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Kailangang kumpletuhin ng trip coordinator ang trip request form ng lahat ng detalye ng biyahe, pati na rin ang Client Registration Form (Form ng Pagpaparehistro ng Kliyente) ng hindi bababa sa pitong (7) araw ng negosyo bago ang hiniling na petsa ng biyahe. Ginagawaran ang mga kahilingan sa pagbiyahe sa batayang "unang seserbisyuhan ang unang makikipag-ugnayan" (first come-first served), sa tuwing pahihintulutan ng kapasidad.



Ang serbisyong Van Gogh ay paunang naka-iskedyul at batay sa pagkakaroon nito. Ang mga halimbawa ng mga biyahe ay kinabibilangan ng

pagbiyahe sa:

- Mga museo**
- Mga konsyerto**
- Teatro**
- Golden Gate Park**

Mga event o pagpupulong na pangkultura
Mga pampublikong pagpupulong

Sa oras na maaprubahan ang hiniling na biyahe, makikipag-ugnayan ang Mobility Management Center sa trip coordinator para makumpirma ang lahat ng detalye sa biyahe.

3. **Iparehistro ang iyong mga pasahero para sa biyahe.** Ang pagpapareserba sa Van Gogh ay nangangailangan ng hindi bababa sa pitong (7) araw na matutugunan ang hindi bababa sa isa sa mga sumusunod na kuwalipikasyon:

- Ay nasa edad na 65 o pataas.
- May kapansanan ay RTC Discount ID Card (May Diskwentong ID Card ng RTC).
- Ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng Paratransit alinsunod sa ADA.
- Ay nakarehistro sa programang Shop-a-Round ng SF Paratransit.

Maaaring mag-enroll ang mga pasahero sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Client Registration Form na matatagpuan online sa [SFMTA.com/Accessibility](https://www.sfmta.com/Accessibility). Para humiling ng naka-print na kopya ng Client Registration Form, makipag-ugnayan sa Mobility Management Center sa 415.351.7000 o mag-email sa MobilityOptions@SFMTA.com.

Mga Pamasaha

Ang bawat pasahero ng Van Gogh ay nagbabayad ng \$2.85 sa bawat biyahe (\$5.70 kung balikan). Kailangang iprisinta ang pamasaha sa oras ng pagsakay sa sasakyan, at maaaring mabayaran sa alinman sa mga sumusunod na paraan:

- Cash: Eksaktong halaga lamang na ibinibigay sa drayber.
- Ticket para sa Pang-isahang Sakay: Ibinibigay sa drayber. Ang mga ticket para sa pang-isahang sakay ay kailangang patiunang bilhin sa pamamagitan ng koreo, pagbisita sa tanggapan ng SF Paratransit, o pagtawag sa 415.351.7000.

Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

- MuniMobile Ticket: Ang mobile ticket para sa isang sakay ay kailangang patiuang bilhin sa MuniMobile app, at pagkatapos ay i-activate sa iyong smartphone at maipisinta sa drayber sa oras ng pagsakay. Maaaring bumili ang trip coordinator ng maraming ticket para sa pang-isahang sakay para sa anumang bilang ng mga pasahero gamit ang kanyang smart phone. Ang may hawak ng ticket ay kailangang ipakita ang lahat ng ticket sa drayber.

Hindi kami nagbibigay ng resibo para sa anumang pamasaheng ibinayad sa araw ng biyahe. Ang resibo ay ibinibigay para sa mga ticket ng SF Paratransit na binili bago ang naka-iskedyul na biyahe.

Pagsakay sa Van Gogh

- Darating ang Van Gogh Shuttle sa pauna nang inayos na lokasyon at oras para sunduin ang lahat ng pasahero at ang coordinator. Dapat maging handa ang grupo na sumakay sa oras.
- Ang trip coordinator ng grupo ay responsable sa pagtitiyak na nagbabayad ang lahat ng pasahero ng pamasaha. Sa pagsakay, mangongolekta ang drayber ng pamasaha para sa balikang biyahe para sa lahat ng biyahe.
- Para sa biyaheng pauwi, aalis ang Van Gogh Shuttle mula sa orihinal na lokasyon ng babaan sa pauna nang inayos na oras.



Iba pang mga Serbisyo ng SF Paratransit

Essential Trip Card

Binibigyan ng subsidyo ng programang Essential Trip Card (ETC, Card para sa Mahahalagang Biyahe) ang humigit-kumulang dalawa o tatlong balikang biyahe sa pamamagitan ng taxi kada buwan para sa matatanda (mga indibidwal na nasa edad na 65 taong gulang at pataas) at mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga karapat-dapat na kalahok ay magbabayad ng 20% ng gastos sa pamasahe sa regular na sakay para sa mahahalagang biyahe.

Gumagamit ang programa ng mga taxi para ihatid ang mga indibidwal sa mahahalagang biyahe tulad ng pagpunta sa tindahan ng grocery, parmasya, o iba pang kinakailangang medikal na biyahe. Ang mga customer na nagbabayad ng \$6 ay tatanggap ng \$30 halaga para sa mga biyahe sa taxi sa debit card.

Upang maging kwalipikado para sa programa, kailangang matugunan ng mga customer ng hindi bababa sa isa sa mga kwalipikasyong ito:

- Edad na 65 o pataas
- May kapansanan
- May kondisyong pangkalusugan o may hamon sa mobalidad na pumipigil sa kanilang gumamit ng Muni o i-access ang mga kalapit na hintuan o istasyon ng taxi

Ang matatanda o mga indibidwal na may mga kapansanan ay maaaring mag-apply para sa programa ng ETC sa pamamagitan ng:

- Pagtawag sa 415.351.7053 at pagbanggit sa programa. Mayroong mga kawani sa mga araw mula Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9:00 a.m. at 4:45 p.m.
- Personal na pag-enroll sa Tanggapan ng SF Paratransit, 68 12th Street. Bukas ang tanggapan mula 9:00 a.m. hanggang 4:45 p.m.

Ang mga karapat-dapat ay awtomatikong ie-enroll sa programa ay padadalhan ng debit card. Tandaan na dahil dumarating ang mga Essential Trip Card sa pamamagitan ng koreo, magkakaroon ng ilang araw sa pagitan ng pag-enroll at pagtanggap ng iyong card. Bisitahin ang SFMTA.com/ETC para sa higit pang impormasyon.

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad



Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

MGA PATAKARAN, PANUNTUNAN, AT RESPONSABILIDAD

Mga Panuntunan at Patakaran

Paggamit ng mga Seat Belt at Pagkakabit ng mga Wheelchair

Ang lahat ng pasahero ay kailangang ikabit ang mga seatbelt sa kandungan at balikat gaya ng iniaatas sa batas sa de-motor na sasakyan sa California. Maaaring gamitin ng mga naka-wheelchair ang sarili nilang mga seatbelt para sa kandungan at balikat kung natutugunan ng mga ito ang mga pamantayan ng Estado ng California. Ang pagtanggì na maikabit nang maayos bago ang pagbiyahe ay maaaring magresulta sa pagkawala ng serbisyo.

Kung sasakay na nang naka-wheelchair, ikakabit ang iyong wheelchair sa sasakyang paratransit o ramp taxi sa pamamagitan ng apat na puntos na sistema ng pagkakabit o katulad na aparato. Maaari ka naming tanggihan na ibiyahe ka sa SF Access kung hindi mo pahihintulutan na maikabit ang wheelchair bago ang pagbiyahe.

Mga Mobile ne Device at Wheelchair

Maaaring gamitin ng mga pasahero ang mga pantulong at aparato sa mobilidad – tulad ng mga baston, walker, at wheelchair – sa mga serbisyo ng SF Paratransit Access, Group Van, at Paratransit Taxi. Kung lilipat ka sa upuan, tutulungan ka ng drayber sa tama at ligtas na pagtatabi ng iyong mga pantulong at (mga) aparato sa mobilidad, kabilang ang wheelchair.

Ang lahat ng sasakyan sa aming programa ng SF Access at Group Van na ginagamit para ibiyahe ang mga gumagamit ng wheelchair ay accessible at may mga pang-alsa o rampa para sa pasahero na tumutugon sa mga espesipikasyon ng ADA. Bibigyan nila ng akomodasyon ang mga aparato sa mobilidad tulad ng mga wheelchair at scooter na may tatlong gulong na hanggang 48" by 30". Ang kabuuang timbang ay hindi maaaring lumampas ng pamantayang 600 pounds (kasama ang timbang ng pasahero), na siyang pinakamabigat na timbang ng tagamanupaktura ng pang-alsa o rampa. Ang mga aparato sa mobilidad na hindi maaaring maisakay dahil sa

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

mga lehitimong iniaatas na pangkaligtasan ay hindi maaaring ibiyahe.

Kung kailangan mong gamitin ang pang-alsa ng pasahero para malulan ng sasakyan, tutulong ang drayber. Maaari ka ring sumakay sa sasakyan habang nakatayo sa pang-alsa o nakaupo sa upuang pansakay (kung humiling ka nito noong nagpareserba ka).

Para sa iyong kaligtasan, mangyaring tiyakin na ang iyong wheelchair o iba pang aparato sa mobilidad ay napapanatili nang maayos alinsunod sa espesipikasyon ng tagamanupaktura. Maaaring tanggihan namin na ibiyahe ang anumang aparato sa mobilidad na hindi napapanatili nang wasto o maaaring maging mapanganib sa pasahero, drayber, o sa aming kagamitan.

Pagbiyahe ng Kagamitang Pansuporta sa Buhay

Maaari kang magdala ng respirator, portable oxygen, at/o kagamitang pansuporta sa buhay; dapat na hindi lumabag sa mga batas o panuntunan ang kagamitang ito hinggil sa pagbiyahe ng mga mapanganib na materyal. Kailangang nasa tamang laki ang kagamitan para magkasya sa aming mga sasakyang paratransit at nasa patuloy na kontrol ng pasahero o attendant. Alam dapat ng mga pasahero ang kanilang mga pangangailangan (hal., tagal ng biyahe o outing kapag pinipili ang kapasidad ng oxygen).

Pagdadala ng mga Package

Dapat limitahan ng lahat ng pasahero ang kanilang mga dalahin sa makatuwirang bilang. Dahil kailangang sumunod ang mga drayber sa iskedyul, maaari ka nilang tulungan patungo o mula sa pinto ng isang dalahin lamang ng mga package o katumbas ng dalawang supot ng pinamili sa grocery na hindi lalampas sa 25 pounds. Ikaw, ang iyong attendant, o companion ay kailangang dalhin ang anumang mga karagdagang package. Maaaring tumulong ang mga drayber ng taxi sa mga karagdagang package o iba pang mga item na madadala sa likod ng sasakyan at/o lugar ng pasahero, sa abot lamang na ang naturang tulong

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

ay nasa loob ng pisikal na kapasidad ng drayber. Para sa kaligtasan ng lahat ng pasahero, hindi ka maaaring magdala ng mga pampasabog, asido, nasusunog na likido, o iba pang mapanganib o ilegal na materyal.

Pagsakay ng mga Bata

Ang mga batang nasa edad na lima at pataas ay maaari lamang bumiyaha nang walang kasamang nasa hustong gulang kung maipapakita na makakagamit sila ng pampublikong transit nang mag-isa, kung hindi mapipigilan ng kanilang kapansanan. Ang mga batang nakarehistro bilang pasahero ay kailangang bayaran ang buong pamasaha, at ang lahat ng patakarang naaangkop sa mga pasaherong nasa hustong gulang ay naaangkop din sa mga bata. Ang mga batang bumibiyaha bilang mga companion ay kailangan ding magbayad ng buong pamasaha (maliban kung nakasakay sa taxi).

Alinsunod sa batas ng California, kung bibiyaha ka kasama ang batang wala pang 8 taong gulang na mas bata sa apat na talampakan at siyam na pulgada (4'9") ang taas, dapat kang magkaroon ng safety seat (ligtas na mauupuan) ng bata at kailangan mong ligtas na maiuupo ang bata dito. Ang anumang child seat na ginamit sa SF Paratransit ay dapat na tumugon sa mga pamantayan ng Estado ng California para sa batang nasa ganoong laki at edad (bumisita sa www.chp.ca.gov at hanapin ang impormasyon tungkol sa mga child safety seat). Tutulong ang drayber kung kailangan.

Pagdadala ng mga Hayop

Maaaring kang bumiyaha kasama ang panserbisyong hayop tulad ng aso. Mangyaring ipaalam sa amin kung bibiyaha ka kasama ang panserbisyong hayop kapag nagpa-iskedyul ka ng sakay sa pamamagitan ng telepono o online.

Ang panserbisyong hayop ay kailangang nasa patuloy na kontrol ng may-ari o humahawak dito.

Ang mga alagang hayop at iba pang hindi panserbisyong hayop ay maaari kamang dalhin sa SF Paratransit sa isang kulungan o lalagyan na nakasara nang maayos.



Ang panserbisyong hayop ay isang hayop na partikular na sinanay upang tulungan ang isang taong may kapansanan.

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

Pagdadala ng Iba pang mga Bagay

Para sa iyong kaligtasan at ng iba pa pang mga pasahero at ng drayber, maaari lamang dalhin ang mga pantulong sa mobilidad, kagamitang pansuporta ng buhay, child seat at package gaya ng inilalarawan sa itaas kapag kasama ang pasaherong nagbabayad ng pamasaha. Ipinagbabawal ang lahat ng iba pang mga item.

Mga Responsibilidad

Nasa ibaba ang mga pansentido-kumon na responsibilidad na idinisenyo upang matiyak ang kaligtasan at kaginhawaan ng lahat ng mga pasahero at drayber.

Mga Responsibilidad ng Pasahero

- Maingat na basahin ang Gabay para sa Pasahero.
- Ikabit ang seat belt sa lahat ng oras sa panahon ng biyahe.
- Iwasan ang paggambala sa drayber o pakikibahagi sa ibang mga pasaherong may hindi naaangkop na pag-uugali.
- Panatilihin ang mga wheelchair o iba pang mga pantulong sa mobilidad sa ligtas na kondisyon sa pagpapatakbo alinsunod sa mga espesipikasyon ng tagamanupaktura.
- Maging handa sa pagsakay sa sasakyan sa loob ng limang minuto ng pagdating ng sasakyan. Ang anumang mga pagkaantala sa panahon ng proseso ng pagsakay ay makakaapekto sa kakayahan ng drayber na sunduin ang ibang mga pasahero sa oras.
- Asahan ang serbisyo kung saan may kasamang ibang pasahero sa mga van ng SF Access. Maaaring may mga ibang susunduin pagkatapos mo, at/o ihahatid bago mo maabot ang iyong destinasyon.
- Magpanatili ng mga katanggap-tanggap na pamantayan ng kalinisan ng pangangatawan; mangyaring iwasan ang paggamit ng mga produktong may amoy upang mabigyan ng akomodasyon ang mga pasaherong sensitibo sa kemikal.
- Sundin ang mga karaniwang panuntunan sa paggalang na ito:
 - Bawal kumain, uminom o manigarilyo habang lulan ng sasakyan.

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

- Bawal sumakay habang nasa impluwensya ng alkohol o mga ipinagbabawal na gamot.
- Bawal magkalat sa sasakyan.
- Bawal ang mga radyo, maririnig na pantugtog ng musika, o iba pang kagamitan na naglalabas ng tunog na maaaring patugtugin nang malakas habang lulan ng sasakyan.
- Ibigay ang saloobin sa SF Paratransit kung hindi kasiya-siya ang naging serbisyo sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa 415.351.7052, o sa pamamagitan ng pag-email sa amin sa Paratransit@SFMTA.com.

Mga Responsibilidad ng Drayber ng Paratransit:

Ano ang Aasahan sa mga Drayber

- Mga propesyonal ang mga drayber: nakasuot sila ng uniporme na may ipinapakitang ID badge, nagmamaneho nang ligtas sa lahat ng oras, at tinatrato ang mga pasahero nang may paggalang.
- Responsable ang mga drayber para sa kanilang sasakyan at pananatiliing "nakikita" ang kanilang sasakyan sa lahat ng oras.
- Magbibigay ang drayber ng makatuwirang tulong:
- Sa mga pasaherong aakyat o bababa ng sasakyan.
- Sa mga pasaherong gumagamit ng wheelchair paakyat o pababa nang hindi bababa sa dalawang panlabas na baitang (maliban kung naka-enroll ang pasahero sa programang Stair-Assist).
- Patungo at mula sa pangunahing pinto ng lokasyon ng sunduan at hatiran ng pasahero, kapag hiniling at kung ligtas na gawin ito.
- Mag-aalok ang mga drayber ng matatag na pag-alalay o iba pang naaangkop na tulong, kung kailangan. Hindi maaaring buhatin o kargahin ng mga drayber ang mga pasahero.
- Tutulong ang mga drayber sa mga gumagamit ng wheelchair na magmaniobra sa mga karaniwang rampa.

Hindi maaaring magbigay ang mga drayber ng tulong sa personal na pangangalaga, maghintay sa pasahero na titigil para magsagawa ng gawain, o gumawa para sa pasahero (tulad ng pagkuha ng mga inireresetang gamot o grocery). Hindi tumatanggap ang mga drayber ng mga tip o anumang iba pang mga regalo (maliban sa mga drayber ng taxi).

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

Pagsuspindi ng Serbisyo

May programa ang SF Paratransit para sa progresibong pagdidisiplina upang maayos ang maling paggamit, pang-aabuso, at hindi naaangkop at/o ilegal na pag-uugali habang pinoprotektahan ang mga karapatan ng mga pasahero. Ang pagkakasuspindi sa aming programang paratransit ay maaaring magresulta kapag ginawa ng pasahero ang alinman sa mga sumusunod:

- Kinukuha o ginagamit ang serbisyo ng paratransit dahil sa pagkukunwari; halimbawa, nagbibigay ng maling impormasyon tungkol sa aplikasyon sa pagiging karapat-dapat, na nagpapahintulot sa ibang sumakay sa iyong puwesto, o maling paggamit ng SF Paratransit Taxi Debit Card.
- Nakikibahagi sa mapang-abuso o nakakagambalang pag-uugali (halimbawa, binabantaan ang mga drayber, kawani ng programa o iba pang pasahero ng pamiminsala sa katawan), o nakikibahagi sa ilegal na pag-uugali habang lulan ng aming mga sasakyan (hal., pagbebenta/pagbili ng mga ilegal na droga, anumang uri ng krimen, atbp.).
- Nakikibahagi sa anumang pag-uugaling itinuring na may pagkiling o nagdidiskrimina sa drayber o iba pang mga pasahero batay sa lahi, kulay ng balat, relihiyon (paniniwala), kasarian, pagpapahayag ng kasarian, edad, bansang pinagmulan (ninuno), kapansanan, katayuan sa pag-aasawa, sekswal na oryentasyon, katayuang pangmilitar ng indibidwal.
- Ilegal na ibinibenta, ginagamit, o inililipat ang SF Paratransit Taxi Debit Card sa ibang indibidwal, kabilang ang drayber.

Nagpapatuloy ang aming proseso ng pagdidisiplina mula sa mga babala patungo sa pagsuspindi, depende sa pag-uugali. Tatawag mula ang miyembro ng mga kawani ng SF Paratransit para magbigay ng babala. Kung magpapatuloy ang pag-uugali o pagkilos, tatanggap ang pasahero ng nakasulat na babala na may paliwanag sa paglabag. Bilang panghuli, kung magpapatuloy ang pag-uugali, aabisuha ng SF Paratransit ang pasahero hinggil sa nakabinbin na pagsuspindi.

Maaaring maging agaran ang mga pagsuspindi kapag ang pag-uugali ay lubhang nakakagambala sa iba, ilegal, o posibleng nagkokompromiso sa kaligtasan ng aming mga drayber o iba pang mga pasahero o aming kagamitan.

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

Maaaring iapela ng pasahero ang pagkakasuspindi o iminumungkahing pagkakasuspindi. Ang sinumang pasaherong napapailalim sa pagkakasuspindi ay tatanggap ng buong nakasulat na paliwanag ng proseso (makukuha rin ito ng sinumang pasahero kapag hiniling).

Ang mga Pagkakasuspindi mula sa programang SF Paratransit Taxi ay maaaring maging pansamantala o permanente.

Ang Helping Wheels

Ang Pongong Helping Wheels ay nagbibigay ng limitadong tulong sa gastos sa mga pamasaherong para bumiyaher sa loob ng San Francisco sa pamamagitan ng mga serbisyo ng SF Access o SF Paratransit taxi. Upang maging karapat-dapat, ang mga indibidwal ay kailangang:

- Magkaroon ng kuwalipikadong kita, batay sa mga pamantayan ng SSI o GA.
- Maging isang pasahero ng Paratransit na sertipikado ng ADA.
- Magkaroon ng biglaang hindi inaasahang medikal na pangangailangan na nangangailangan ng maraming pagbiyahe (hal., pagsisimula ng dialysis sa bato), hindi inaasahang pagkawala ng tirahan o mga pag-aari (hal., dahil sa sunog o pagnanakaw), isang nakadokumentong pinansyal na pangangailangan, o iba pang malaking pangangailangan.

Ang Helping Wheels ay pinopondohan ng mga indibidwal na donasyon. Maaaring hindi makukuha ang mga pondo sa lahat ng oras.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Pondo ng Helping Wheels, mangyaring tawagan ang tanggapan ng SF Paratransit sa 415.351.7070.

Iba pang mga Opsyon sa Transportasyon para sa mga Gumagamit ng SF Paratransit

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyon pangtransit sa Bay Area, tumawag nang walang bayad sa 511 o bisitahin ang 511.org.

Sa pamamagitan ng pagtawag sa 511 (hindi kailangan ang area code) o pagbisita sa 511.org, maaari mong makuha ang impormasyon sa ruta,

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

iskedyul, o impormasyon sa biyahe para sa Muni at iba pang mga ahensyang pantransit sa Bay Area, mga pagbabago sa serbisyo, at impormasyon sa accessibility tulad ng mga ulat ng katayuan sa elevator at escalator para sa mga istasyon ng BART at Muni Metro. Mayroon ding impormasyon sa paratransit. Bumisita sa SFMTA.com at tingnan ang Katayuan ng Elevator sa Muni Metro sa ilalim ng Travel & Transit Updates (Mga Update sa Pagbiyahe at Transit).

Biyahe sa San Francisco: Regular na Ruta ng Transit ng Muni at BART

Ang San Francisco ay may komprehensibong sistema ng mga accessible na ruta ng bus, linya ng light rail, at serbisyo ng commuter rail. Maraming pasahero ng paratransit ang gumagamit ng Muni at BART para sa ilan (o karamihan) sa kanilang mga biyahe.

Ang mga serbisyo ng Muni ay may maraming benepisyo, kabilang ang:

- Mahigit 100 bus, light rail, at mga ruta ng makasaysayang streetcar sa buong San Francisco, na may mga paghinto sa loob ng ilang block ng karamihan sa mga address – kabilang ang serbisyo sa Treasure Island at Daly City.
- Mga bus na accessible ng wheelchair sa lahat ng linya ng bus.
- Accessible na Muni Metro rail sa maraming istasyon at hintuan, kabilang ang lahat ng istasyon sa hanay ng Muni Metro T line.

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Serbisyon
Accessible ng Muni, tumawag sa 415.646.2260.**

Bukod dito, nagbibigay ang BART ng serbisyon accessible ng commuter rail sa mga lokasyon sa mga county ng San Francisco, Alameda, Contra Costa, San Mateo, at Santa Clara county. Kabilang sa mga amenidad ang accessible na paradahan ng sasakyan, mga elevator at escalator sa istasyon, at mga pamasaheng may diskwento para sa matatanda at mga indibidwal na may mga kapansanan sa pamamagitan ng Senior Clipper Card at mga programang RTC Discount ID Card. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Serbisyon Accessible ng BART, bumisita sa bart.gov/guide/accessibility.

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

Mga Matitipid sa Pamasaha sa Iba pang mga Pampublikong Serbisyo ng Transit

Mayroong mga may diskwentong pamasaha para sa matatanda at mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang mga indibidwal na may Senior Clipper Card, RTC Discount ID Card, o iba pang kwalipikadong dokumentasyon ay karapat-dapat para sa mga pamasaheng may diskwento at mga buwanang pass/sticker para magamit sa mga bus na hindi nagbabago ang ruta, rail, sistema ng ferry sa buong San Francisco Bay Area:

Ang mga taong nasa edad na 65 o mas matanda pa na may balidong ID ay karapat-dapat para sa Senior Clipper Card.

Ang sinumang wala pang 65 taong gulang na may kuwalipikadong kapansanan ay maaaring maging karapat-dapat para sa RTC Discount ID Card.

Ang mga residente ng San Francisco na may karapat-dapat na kita na may Senior Clipper Card o RTC Discount ID Card ay maaaring maging karapat-dapat para sa programang Libreng Muni, na naghahandog ng biyaheng libre sa pamasaha sa mga bus at tren na hindi nagbabago ang ruta.

Para sa higit pang impormasyon:

- RTC Discount ID Card (May Diskwentong ID Card ng RTC): Tumawag sa tanggapan ng Muni RTC sa 415.646.2224.
- Senior Clipper Card: 415.646.2500 o i-dial ang 311 sa loob ng San Francisco.
- Bisitahin ang Customer Service Center ng SFMTA sa 11 South Van Ness Avenue, Lunes-Biyernes, 8:00 am hanggang 5:00 pm (maliban sa mga pambansa at lokal na holiday).

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad

Mga Patnubay sa Pagiging Handa sa Emerhensya para sa mga Gumagamit ng SF Paratransit

Pagbiyahe sa SF Paratransit sa isang Emerhensya

Kung nakasakay ka sa sasakyan ng SF Access kapag nangyari ang isang sakuna o emerhensya, pangunahing responsibilidad ng drayber ay ikaw, ang pasahero. Sinanay ang mga drayber na gawin ang mga sumusunod:

- Agad na tingnan ang kondisyon ng mga pasahero.
- Kung sa tingin ng drayber ay hindi ligtas ang magpatuloy sa ruta, makikipag-ugnayan sila sa dispatch control center, magbibigay ng update sa katayuan, at hihingi ng karagdagang instruksyon.
- Kung hindi available ang lahat ng komunikasyon, susubukan ng drayber na ihatid ka sa bahay at kung hindi posible, iulat na paunang itinalagang lugar ng paghahanda kung saan maibibigay ang higit pang tulong.
- Ang mga lugar ng paghahanda para magtipun-tipon at magkita-kita ang mga drayber at pasahero ay itinalaga sa buong San Francisco at Hilagang County ng San Mateo.

Mahalaga para sa lahat na maging handa para sa mga emerhensya. Habang katangi-tangi ang mga kakayahan at pangangailangan ng bawat tao, ang bawat indibidwal ay maaaring gumawa ng mga hakbang para sa lahat ng uri ng mga emerhensya mula sa mga sunog hanggang sa mga lindol. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga sarili mong pangangailangan at paggawa ng planong pang-emerhensya na umaakma sa mga pangangailangang iyon, mas magiging handa ka.

Maaaring asahan ng mga pasahero ang regular na serbisyong paratransit ng tatlong araw at maaaring higit pa, depende sa katangian ng sakuna. Maaaring hindi available ang iyong naka-iskedyul na paratransit. Dahil sa mga limitadong mapagkukunan pagkatapos ng sakuna, ibibigay ang priyoridad sa sumusunod na pagkakasunud-sunod:

- Mga medikal na appointment na nagpapanatili ng buhay, iyon ay dialysis, chemotherapy, atbp.
- Pagkuha ng iniresetang gamot.
- Grocery at food bank.
- Tulong na pang-emerhensya na hiniling ng SFMTA dahil sa emerhensya o sakuna.
- Iba pang mga kahilingan ng mga pasahero sa call-in center.
- Mga dati nang umiiral na sakay, iyon ay patungo sa paaralan, trabaho, atbp.

Mga Patakaran, Panuntunan, at Responsibilidad



Sa unang 72 oras ng sakuna, tumawag lamang kung ang iyong transportasyon ay para sa mga medikal na appointment na nakakapagpanatili ng buhay o iba pang pangangailangan na sumusuporta sa buhay.

Higit pang Impormasyon

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga patakaran ng paratransit, maaari mong hilingin ang mga Patuntunan sa Pagpapatakbo ng SF Paratransit sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng SF Paratransit sa 415.351.7000; TTY 415.351.3942. Ang naiprisintang impormasyon sa gabay na ito ay napapailalim sa pagbabago.

Mga Makatuwirang Pagbabago

Lubos na sinusunod ng SF Paratransit ang mga iniaatas ng ADA sa paratransit. Nakatuon kami sa pagtitiyak ng buong access sa aming serbisyo.

Kung kailangan mo ng pagbabago sa aming serbisyo para maging accessible ito sa iyo, mangyaring makipag-ignayan sa aming Customer Service Department sa 415.351.7052 o mag-email sa amin sa Paratransit@SFMTA.com. Kung magagawa sa makatuwirang paraan ang pagbabago, pagsusumikapan naming bigyan ng akomodasyon ang iyong kahilingan. Kung hindi namin mabibigyan ng akomodasyon ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng paliwanag at impormasyon tungkol sa kung paano iaapela ang aming desisyon.